# DEMONOLOHIYA, RELIHIYOSONG KALALAGAYAN

Aywan ko kung ilan ang nakakaalam sa munting awiting ito, habang binabati ko kayo ng marubdob na Cristiyanong pagkakaisa at pag-ibig ni Cristo ngayon, ilan ang nakakaalam sa munting awiting ito, "Siya'y Nagmamalasakit sa Iyo"? Alam ninyo ito? Mabuti, tingnan natin kung makukuha natin ito. Alam mo ito, kapatid? Alam mo? Ngayon:

Siya ay nagmamalasakit sa inyo,
Siya ay nagmamalasakit sa inyo;
Sa liwanag ng araw o sa dilim,
Siya ay nagmamalasakit sa inyo.

Oh, iya'y mainam. Subukan natin uli ito ngayon.

Siya ay nagmamalasakit sa inyo,
Siya ay nagmamalasakit sa inyo;
Sa liwanag ng araw o sa dilim,
Siya ay nagmamalasakit sa inyo.

2 Ama naming Makalangit, [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] . . . nananampalataya na Ikaw ay nagmamalasakit sa amin at ipinahayag ang pag-ibig Mo sa amin, na anopa't isinugo Mo ang Iyong Sariling Bugtong na Anak, upang . . . ang walang-salang Anak ng Diyos, upang kunin ang lugar ng may salang mga makasalanan. Lubos Ka naming pinasasalamatan, na Ikaw ay nagmamalasakit sa amin at laging umaalaala sa amin, para gawin ito! At lubos kaming nagpapasalamat, Panginoon. Kami ay nagagalak na magtipon-tipon dito ngayong hapon, sa ilalim ng mga kulandong ng kalangitan, at hilingin ang Iyong mga pagpapala sa gawaing ito. Ipagkaloob, Panginoon, na ang bawat lalaki, babae, batang lalaki o batang babae na narito, ay mag-aral ng taimtim sa mga Kasulatan. Kami'y nahaharap sa isang sanglibutan na pinamamahalaan ni Satanas. At, Ama, dalangin namin, habang pinag-aaralan namin ang kapangyarihan ng mga demonyo at kung ano ang magagawa nila sa mga tao, na bigyan Mo kami ng dakilang pananampalataya, at nawa'y maraming mga dakilang tanda at mga kababalaghan ang maganap. Sapagka't, hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo at sa kaluwalhatian ng Diyos. Amen.

3 Tayo'y, isang pag-aaral ngayong hapon, dumako kaagad dito, palagay ko, mga maaga ng labing limang minuto. Ito'y tungkol sa *Demonolohiya* pa rin.

4 At ngayon katatanggap ko lamang ng isang mensahe, kanina lang; Kapatid na Beeler, mula sa mga kaibigan ko. At

magsisimula ako sa Africa, sa kalagitnaan ng Hulyo. Kaya iyan ay ayos na, naiayos na namin ito ngayon. At hindi makakasama si Kapatid na Baxter sa pagkakataong iyan, kaya magpupunta ako sa Africa na mag-isa. Kaya magpupunta roon na may . . . nawa ang . . . Kailangan kayong manalangin para sa akin ngayon, na tulungan ako ng Panginoon, dahil talagang kailangan ko ito ngayon, sa dako roon sa gitna . . . Umaasa akong kahit papaano nang dalawang daang libong mga tao sa pagtitipong iyan.

5 At nagkaroon ako ng isang pangitain na naisulat dito. Nais ko na kayong mga tao ay makuha ang pakinabang nito. Ito'y nangyari nang Disyembre. Ako ay nasa silid isang umaga nang pumasok ang Anghel ng Panginoon. Ako . . . Nakita ninyo, nang naroon ako, sinuway ko ang Diyos, at nagkaroon ako ng ameba. Sino man sa atin ay alam—alam kung ano ang ameba, isang limatik na kumukuha . . . halos patayin kayo. At dahil sa nakagawa ako ng bagay na sinabi ng Diyos na huwag kong gawin. Ilan ang nakarinig sa salaysay nito? Palagay ko ay ilan sa inyo rito. Kilala ko ang mga tao mula sa palibot ng tabernakulo ay narinig ang salaysay sa kung ano ang nangyari. Sinabi sa akin ng Diyos na magpunta sa isang lugar, at lumayo sa lugar na *ito*, at upang bumalik sa iba pang lugar. At hinayaan ko ang mga mangangaral na ilayo ako roon. Ngayon, ang mga mangangaral ay mabuti, at sila'y mga kapatid ko, ngunit pahalagahan ninyo kung ano ang sinabi ng Diyos sa inyo. Iya'y tama. Kita n'yo? Mayroon kayong isang misyon.

6 Ilan ang nakakaalala na minsan ay mayroong dalawang propeta sa Biblia? At ang isa sa kanila, sinabi sa kaniya ng Panginoon, sabi, "Pumaroon ka sa *isang* lugar. At huwag kang—huwag kang paparito sa . . . Bumalik ka sa ibang daan," at iba pa. At—at sinabi, "Huwag kang kumain o uminom habang ikaw ay naroon."

7 At sinalubong siya ng isang tunay na propeta, at sabi, "Kinatagpo ako ng Panginoon matapos na katagpuin ka Niya." At sabi, "Halika sa aking tahanan." At nakinig ang propeta sa sinabi ng isa pa, at naiwala niya ang kaniyang buhay dahil dito. Kita n'yo, gawin ninyo kung ano ang sinabi ng Diyos sa inyo na gawin maging ano pa man ang sabihin ng iba.

8 Ngayon tayo ay . . . Sa pangitaing ito, Siya . . . Ginising ako nito, ika-labing tatlo ng Setyem . . . o ng Disyembre. At—at habang ako ay nakaupo sa gilid ng kama ko, ako ay nag-iisip kung ano ang kinabukasan ko. Nang ako ay bumalik dito, handa silang ikulong ako sa bahay-peste, ang mga limatik ay halos patayin ako. At sinuri nila ako nang dumating ako sa lupaing ito. At, sa biyaya ng Diyos, pinauwi na lamang nila ako, dahil ito ay kumalat na ng husto. At nanalangin ako, at ako ay nagpunta sa mga ministrong iyon, sabi ko, "Sinabi ng Panginoon sa akin na huwag akong magpunta roon."

Sabi, "Oh, ang Diyos ay nangusap sa iba liban sa iyo."

9 Sabi ko, "Si Kore ay mayroong ganiyang kaisipan minsan." At kaya, ngunit ako ay pumaroon at kumuha ng mga dahon at inilagay sa kanilang mga paa, at sabi ko, "Alalahanin, sa Pangalan ng Panginoon, kung itutuloy natin ang biyaheng iyan doon, iyon ay magiging bigo, at pagbabayaran nating lahat iyon." At pinagbayaran nga namin! Oh, naku! Kaming lahat ay halos muntik nang mamatay. Kaya pagkatapos sa pagbabalik. . .

10 Mayroon kayong napakarami na inyong lalabanan sa mga bansang iyon. Halimbawa, isang maliit na pulgas ay kakagat sa inyo, magdudulot ito sa inyo na magkaroon ng pabugso-bugsong lagnat. At ang maliit na bagay na iyan kapag kinagat kayo, kung maramdaman ninyo ang inyong sarili na nangangati, hindi ninyo maaaring kamutin ito. Titingin kayo, kung ito'y isang maliit na itim na bagay, huwag hatakin ito. Mayroon itong maliit na ulo, bumubutas ito papasok sa balat, pipihit ng *paganito* at isisiksik ang sarili nito. Kung hahatakin ninyo ito, mahahatak n'yong *hiwalay* ang ulo roon. Mayroon itong mikrobyo roon, ipaparalisa kayo. Kaya huwag kamutin, o huwag ninyo siyang hatakin; kumuha lamang ng sebo. At siya ay humihinga sa pamamgitan ng kaniyang likod. Patakan ito ng sebo, at siya ay aalis.

11 Pagkatapos mayroong isang maliit na lamok. Hindi siya gumagawa ng anomang ingay. Sasama lamang siya sa hangin. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang Kaniyang sariling kamay—Pat.] Dadapuan lamang niya kayo, iyon lang, mayroon na kayong malaria.

12 At—at pagkatapos mayroon doong tinatawag nilang ahas na mamba. Kung kayo'y matuklaw niya, mabubuhay lamang kayo ng mga dalawang minuto pagkatapos na matuklaw niya kayo.

13 At mayroon dilaw na cobra. Mabubuhay kayo ng mga labing-limang minuto pagkatapos niya kayong matuklaw. At isa sa kanila ay napakalapit ng husto sa aking anak, na mailalagay niya ang kaniyang kamay sa ulo nito. Nakaangat na, para tumuklaw, bago namin nabaril, tulad niyan.

14 At mayroong itim na cobra. Oh, salyang mayroon lahat ng bagay! At pagkatapos ang panganib sa mababangis na mga hayop. Siyempre, mga leon, tigre, o leopardo, at lahat ng iba pang bagay para labanan, sa kagubatan. At pagkatapos ang mga karamdaman, mayroong halos lahat ng mga uri ng karamdaman doon.

15 At haharapin ninyo lahat iyan kapag kayo ay nagpunta. Maliban diyan, pagkatapos narito ang mangkukulam na doktor, para hamunin kayo sa lahat ng bagay, kita n'yo, at lahat ng mga pamahiin nila at mga bagay. Ngunit, paano, anong kagila-gilalas na bagay na makita ang ating Panginoong itinaboy lamang

ito palayo, sa magkabilang tabi, tulad niyan, pagkatapos ay magpatuloy.

At nang araw na iyon naalala ko, nakatayo roon, gaano kainam, kung anong nangyari, sasabihin ko sa inyo minsan sa ibang pagtitipon, dahil gusto kong dumako na sa aking paksa ngayong hapon, tungkol sa Demonolohiya.

16 Ngunit ngayon, at iniisip ko ang tungkol dito, nakaupo roon, kung ano ang magiging wakas? At sa pagbalik patawid ng dagat, alam ko kami ay mayroong mga isan-daang libong nagbalik-loob habang kami ay naroon. At lumapit sa akin ang matandang Kapatid na Bosworth. Sabi, sabi ko, "Buweno, Kapatid na Bosworth?"

17 Sabi niya, "Labis akong natutuwa sa iyo, Kapatid na Branham!" Sabi niya, "Ikaw lamang—ikaw ay nasa pasimula pa lamang ng buhay," ang sabi niya.

18 Sabi ko, "Buweno, palagay ko ito'y tapos na." Sabi ko, "ako'y lampas nang apat na pung taong gulang. Palagay ko ako'y nakipagbaka ng mabuting pakikipagbaka at naganap ang takbuhin."

19 Sabi niya, "Lampas ng apat na pung taong gulang'?" Sabi, "ganyan ako katanda bago ako nagbalik-loob." Sabi, "Nananatili pa rin akong maayos." Siya ay halos magwa-walumpu na niya. At lamang . . .

Naisip ko, "Buweno, marahil iyan ay maaaring tama."

20 Kaya sabi niya, "Hindi, bagong-bagong Branham ka lamang ngayon. Sadyang alam mo na pamahalaan ang mga pagtitipon mo nang mas maigi, at lahat na." Sabi, "Kung maabot mo lamang ang Amerika sa tamang gawi nito, na may tamang ayos ng pagtitipon, kung saan makakapanatili ka ng anim o walong sanglinggo sa isang lugar, at isaayos ito at ilathala palibot," sabi, "Mayroon kang magagawa, ngunit, at para sa ating Panginoon." Kaya nagpatuloy kami, tulad lamang niyan, kaya ito ay napaka-napaka-ganda.

21 At pagkalipas ng ilang sandali, nakakita ako ng isang pangitain, nang ako ay nasa Amerika, at ito ay dumating sa akin, at ibinalik ako sa Africa, at ipinakita nito sa akin ang gayon ding pagtitipon, nakaupo roon sa harap ng Durban. At ang unang pagtitipon ay naglaho patungong kasaysayan, patungo ng Kanluran. Ang ikalawang pagtitipon ay nagbangon at, nang ginawa ito, ito ay mas malaki pa rin kaysa sa unang pagtitipon. At Siya . . . nakarinig ako ng sigaw, at isang Anghel ay dumarating mula sa Langit; mayroon Siyang dakilang liwanag.

22 At ang Anghel ng Panginoon na tumatayo sa atin dito, ay nakatayo, laging tumatayo sa may kanan ko, dito sa gawing *ito*. At Ito ay nakatayo roon, at Ito ay—Ito ay umiikot-ikot. At

nakita ko ang Lalaking ito na nakatayo sa ilalim Niya. Siya'y— Siya'y hindi. . .Ngayon, iyan ay hindi pangitain kapag nakita ninyo Siya. Ito'y kasing tunay ng kayo'y tumitingin sa akin. Aba, maririnig ninyo Siyang lumalakad at nangungusap sa inyo. At nang Siya. . .Ano mang bagay, ito'y kasing tunay. At ito'y hindi isang Pangitain; ang Lalaki ay nakatayo lamang doon tulad lamang ninyo. At ang tinig Niya ay katulad lamang nang sa akin o nang sa inyo. Ngunit ang isang pangitain, ay isang bagay na nagpapakita sa harapan ninyo at makikita ninyo ito, tulad niyan. Ngunit ang Lalaking ito ay lalapit lamang at tatayo roon.

23 Kaya sinabi Niya sa akin kung ano ang mangyayari. At sinabi Niya na ang. . .Ang Anghel na Ito ay bumaba, at sinabi Niya sa akin na lumingon at tumingin sa *gawing ito*. At ito'y tumingin patungong India, ngayon. Hindi ko sinasabing ito'y sa India, ngunit ito'y malapit. Ngunit sila'y mga taong taga-India.

24 Dahil, ang mga Aprikano ay malalaki, matipuno, mabibigat-matatabang mga tao. Ilan sa kanila ay halos pitong-piye ang taas, at tumitimbang, oh, ng dalawang daan at walumpu, tatlong-daang libra, matipuno. Ang mga Zulus, ngayon, ang Shunghi at Basutos, at, oh, mayroong maraming iba't-ibang mga tribu. Mayroong labing-limang iba't-ibang mga tribo ang nakaupo roon ng araw na iyon, na pinapangaralan ko.

25 Magsasabi ako ng isang salita, gaya ng, "Si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos." Makakainom ako ng tubig bago ito makarating sa lahat ng mga tagapagsalin. Ang isa ay magsasabing. . .At lahat ay mag-iingay!

Madalas kong iniisip, kapag narinig ko ang mga taong Pentekostal na nagsasalita sa mga ibang wika, iyan marahil ang isa na nagsasalita sa isang uri ng tunog at ang isa ay nagsasalita ng iba, sa papaanong paraan mangyayari iyan? Ngunit naniniwala ako na ang Biblia ay tama, at alam na Ito nga, nang sabihin Nito, "Walang ano mang tunog na walang kahulugan."

Ilan sa kanila ay magsasabing, isa sa kanila ay tutungo, "Blrr blrr blrr blrr," ibig sabihin niyan ay "si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos." Ang isa ay magsasabing, "cluck cluck cluck cluck," iyan ay "si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos," sa kaniyang linguwahe. Kaya ano mang uri ng tunog ito, mayroon itong kahulugan kung saan. Iya'y tama. Maging ano mang uri ng ingay ito, ito'y nangangahulugan ng isang bagay sa iba kung saan. At nang siya ay. . .Ibibigay nila iyan.

26 At napansin ko na sa gawing kaliwa ko, nang ang Anghel na iyan ay bumaba at nakakita ako ng isang tulad ng kuyog doon, at sila ay mga lalaki na may. . .para bang sila ay mayroong isang—isang kumot paikot sa kanila, tulad *nito*, at ipinulupot at itinali, parang paikot sa isang maliit na sanggol, ang lampin. At iyon nga. At nakikita ko lamang sa abot ng natatanaw ko, walang iba

kundi mga tao. At pagkatapos ang Anghel na ito ay lumingon sa isang dakilang umuugoy-ugoy na liwanag, at nagpasimulang umindayog pabalik-balik, tulad *niyan*. At hindi pa ako nakakita ng gayong karaming mga tao sa buong buhay ko!

27 At pagkatapos ang isa pang anghel na ito ay lumapit ng husto sa akin, at sabi Niya, "Mayroong tatlong daang libo sa kanila sa pagtitipong iyan." At isinulat ko ito dito. At isulat ninyo ito sa isang uri ng pirasong papel, tulad ng pagkakasabi ko tungkol sa batang lalaki na nabuhay na mag-uli roon sa Finland. Isulat ninyo iyan sa hulihang papel ng inyong Biblia o kung saan, na sa pagtitipong ito (Magkakaroon ng isang pagtitipon. At maririnig ninyo ito sa pamamagitan ng ilang tagapagpabatid.) ng tatlong daang libong mga tao ang dadala sa pagtitipong iyan. Ngayon, tingnan kung iyan ay hindi tama. Iyan ay magiging tatlong ulit ang laki kaysa sa isa noon. Kita n'yo? Tatlong daang libong mga tao na dadalo sa pagtitipon. At ako'y lubos na nagagalak lamang na makapunta't makarating doon, hindi ko alam kung ano ang gagawin, sapagka't gusto kong makaakay ng mga kaluluwa sa ating Panginoon.

28 At doon, minsan, nakikita—nakikita ang tatlumpung libong mga purong pagano na lumapit kay Jesus Cristo sa isang pagtawag patungong altar, tatlumpung libong purong pagano.

29 Ngayon tayo ay magtungo kaagad sa ating paksa. Kahapon ay pinag-aralan natin ang taktika ng mga demonyo. Napag-isipan ko ngayon, habang ang Diyos ay nakikipag-ugnay. Hindi ninyo alam kung ano ang kalayaan kapag lumabas. Ngayon, hindi ako isang guro. Ako'y napakalayo sa pagiging isang—isang tagapag-paliwanag ng Biblia. At ako ay . . . Ang aking edukasyon ay limitado sa ika-pitong baitang. Kaya iya'y . . . At, iyan, ako'y tumigil sa pag-aaral ng mga dalawampu't-limang taon na ang nakaraan, kaya iyan ay napakahabang taon na. At wala akong gaanong edukasyon, ngunit lahat ng nalalaman ko ay kung ano ang natanggap ko sa pamamagitan ng inspirasyon. At kung ang inspirasyon na iyan ay hindi umuugma sa Biblia, kung gayon ito'y mali. Kita n'yo? Kailangan ito na maging sa Biblia. Maging ano man ito na inspirasyon, ito'y dapat na magmula . . . *Narito* ang saligan ng Diyos. Walang ibang saligan ang naitatag kundi Ito. At kung ano Ito, kung ang sasabihin ko man ay magiging taliwas Dito, hayaan ninyong ang mga salita ko ay maging isang kasinungalingan, dahil Ito ang Katotohanan. Kita n'yo? Kita n'yo? At kung ang isang anghel ay magsasabi sa inyo ng isang bagay na magiging iba mula Dito, sabi ni Pablo, "Hayaan siyang maging isang sumpa sa inyo," maging isa mang anghel ng Kaliwanagan. Ngayon, mayroong maraming dakilang mga bagay. Ako lamang . . . ang tanging . . . pinili ko ang dalawang araw, dahil upang ibigay sa mga tao ang paksang ito, na siyang kahapon at ngayon, ng mga gawaing panghapon.

30 Ngayon, ang dahilan na ginawa ko ito, ay upang bigyan ang

sarili ko ng kaunting pagsisikap na makita kung tutulungan ako ng Diyos. May ilang bagay sa puso ko. At ito ay, na, pagkaraan ng dakilang Mensaheng ito, at pagkatapos na patunayan ng Diyos Mismo kung ano iyan na sinabi ko bilang Katotohanan, sa Kaniyang Salita; sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, una, at pagkatapos sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan. Ngayon, palagay ko, taglay ang Katotohanan ng Ebanghelyo sa Iglesya, tungkulin ko, sa Diyos, na dalhin ito sa Iglesya. Iya'y tama. Sila'y labis na hiwa-hiwalay, sa napakaraming iba't-ibang mga organisasyon at sektang mga bahagi nito, hanggang sa iya'y maging mali. Tayong lahat ay mga anak ng Diyos kapag tayo'y ipinanganak na muli, Iyan, kita n'yo. At ang Katotohanan ng bagay ay gusto ng Diyos na malaman natin iyan, na tayo'y mga anak Niya.

31 Ngayon, alalahanin, ang templo ni Solomon ay nahati, sa buong mundo. At narito ang isang batong napihit ng *paganito*, at ang isang bato ay napihit ng *paganoon*, at ang isa ay nahati ng *paganito*, at ang isa ay nahati ng *paganiyan*, ngunit, nang ito ay magsama-sama, walang ni ingay ng isang lagari, o tunog ng isang martilyo, lahat ay tumungo sa tamang lugar nito. Ang Diyos ang Tagapagturo niyan.

32 Ang Diyos ay mayroong iglesyang tinawag na Assemblies, at ang isa ay iglesya ng Diyos, at ang isa ay ang *ito*, at ang isa ay ang *iyan*. At, ngunit kapag silang lahat ay nagsama-sama, sila'y magiging isang malaking grupo ng pag-ibig sa kapatid, at ilalagay ng Diyos, titipunin ang Iglesyang iyan ng sama-sama at dalhin Siya pataas sa alapaap.

33 Bawat tanyag na larawan, bago ito maisabit sa isang bulwagan ng sining, ito ay kailangang maisabit, daraan sa bulwagan ng mga kritiko, muna. Ang lalaki na nagpinta, isang gusto, o pagpaumanhinan ako, hindi ko masabi ang kaniyang pangalan, ipininta ang Huling Hapunan, gayon pa man, naggugol siya ng buong-buhay niya. Ipininta niya ang larawang iyon. Ito ay mga dalawampung taon, o sampung taon, palagay ko, sa pagitan ng pagpinta kay Cristo at kay Judas. At napagtanto ba ninyo, sa tanyag na larawang iyon, na ang siya ring lalaki na nagpanggap kay Cristo, pagkalipas ng sampung taon ay *nagpanggap* kay Judas? Iya'y tama. Ginawa niya. Sampung taon ng kasalanan, mula sa isang dakilang mang-aawit sa opera, upang kunin ang lugar ni Cristo, pumunta sa lugar ni Judas. Hindi ninyo kailangang gugulin ang sampung taon. Kakailanganin nito ang sampung minuto, gagawa nang gayon ding bagay sa inyo. Babaguhin nito ang pag-uugali ninyo, sa kasalanan. Ngunit, gayon pa man, ang larawang iyan ay dumaan sa lahat ng mga kritiko.

34 At iyan ang iniisip ko tungkol sa Iglesya ng Diyos, ang grupo na tinawag. Buweno, hindi ko ibig sabihin ito sa ano pa mang insulto. Natawid ko na ang pitong karagatan, at nasa ikatlong

pagbiyahe na ako sa buong mundo, at ang sinasabi ng mga tao, "Holy-roller! Holy-roller!" At hinalughog ko ang sanglibutan, at hindi pa rin ako nakatagpo ng isang holy-roller. Iya'y isang pangalan na inilagay ng Diablo sa mga tao. Iyan lang. Walang gayong bagay gaya ng isang holy-roller. At mayroon akong estatistika ng bawat anim na raan at animnapu't walong iba't-ibang mga iglesya na mayroon, at natatag sa sanglibutan, wala ni isa man sa kanila ang tinawag na mga Holy Roller. At iya'y mula sa gobyerno. Wala ni isa mang Holy Roller na iglesya na alam ko. Kaya, bagay lamang na ibinansag ng Diablo. Ngunit, ngayon, sa lahat nito, lahat ng mga bagay na ito, nagpinta ang Diyos ng isang larawan. At minsan ang mga mumunting iglesyang ito ay dating nasa labas dito, ilan sa inyo . . .

35 Pinagmasdan ko itong mga ubaning mga kalalakihan. Ang anak ko, kahapon; ako'y nasa silid, nag-aaral, at isang ministro ay lumapit at nagsabi, "Gusto kong makipagkamay sa iyong itay." Siyempre, ang anak ko ay pinalaki kasama si Kapatid na Baxter at sila, na sadyang, "Hindi," iyan nga, kaagad. Hindi ko gusto iyan. Kita n'yo? Walang anuman kung ako . . . Siyempre, hindi ako maaaring maging lingkod ng tao at Diyos, din. Ngunit palagay ko gusto kong makipagkamay sa aking mga kapatiran. Gusto kong gawin iyan. Mayroong bagay tungkol diyan, gusto kong kamayan ang mga kamay ng isang—ng isang ministro. Hindi lamang isang ministro, kundi bawat anak ng Diyos, gusto kong gawin ito. Hindi ko nalaman ang tungkol dito hanggang sabihin sa akin ng aking asawa kanina lang. Buweno, kung nasabi niya sa ministrong iyan, "Sandali lamang, siya'y naroon nananalangin, at—at titingnan ko kung ano ang sasabihin niya." Buweno, iyan, iyan ay magiging mas mainam. Kaya binigyan ko siya ng kaunting pagtutuwid diyan, na huwag gawin iyan. Kita n'yo?

36 At kaya ito'y totoo, hindi kayo maaaring maging tama lamang, gaya ng sabi ng kapatid kanina. Kung gagawin ninyo, kung gayon sa oras ng gabi ako—ako'y pagod na, nakita n'yo. Ang mga tao ay nagsasalita, at bawat isa marahil ay may sakit, at kapag sila ay nangungusap tungkol dito, kaagad, naroon ang Anghel ng Panginoon doon mismo upang sabihin ang tungkol dito.

37 Mayroong isang nakaupo, nakatingin mismo sa akin ngayon, nalalaman iyan bilang totoo, ilang minuto pa lamang ang nakakaraan, o mga isang oras at kalahati ang nakalipas. Isang babaeng nakaupo rito, na hindi alam kung ano iyon, na ang Anghel ng Panginoon ay nangusap sa kaniya noong isang gabi at nagsabi sa kaniya ang isang bagay, at hindi niya maunawaan iyon. Ngunit ngayon nangyari ito, kaya alam na niya ngayon kung ano ang ibig sabihin kapag Siya ay nangungusap sa kaniya. At kung paano, nakatayo roon nangungusap sa kaniya, ang Anghel ng Panginoon ay nagtungo kaagad pabalik at sinabi sa

kaniya kung ano ang kaniyang karamdaman, at kung ano lahat ang tungkol dito, at—at kung ano ang iniisip niya, at isa sa kaniyang mga mahal, at kung paanong ang Diyos ay nangusap at sinabi na kinumpirma Niya iyon, at kung ano ang mangyayari. Kaya iyan mismo eksakto ang paraan na ito ay mangyayari. Kita n'yo? Sinabi nga ng Diyos.

38 Buweno, ngayon, ano naman ang ilang pagkakataon na kailan. . .Kung gayon, at pinanghihina lamang kayo ng husto ng bawat pangitain, kita n'yo. At ang unang bagay alam n'yo, kapag kayo ay pumunta sa simbahan sa gabi, kayo'y lubos na nanghihina hanggang sa hindi na ninyo alam kung ano ang gagawin. At ipanalangin ninyo ako ngayon, kita n'yo, dahil ito'y mula sa isang pagtitipon tungo sa isa pa, sa isa pa. Ito lang ang tanging pagtitipon, ito ay magiging kakaiba, kung ako ay uuwi na ngayon at walang gagawin sa loob ng ilang buwan, lalabas at dadalhin ang pamingwit ko at mangingisda. Ngunit dapat akong magtungo mula sa isang pagtitipon patungo sa isa pa kaagad, mula sa isa patungo sa isa pa kaagad, nakita ninyo. Iyan ang gumagawa nito.

39 At lahat kayo ay manalangin, kayong mga taong narito sa mga tagapakinig. Sinabi nila sa akin kagabi na. . .[Blankong bahagi sa teyp—Pat.]. . .hindi tumugon sa tawag. Ngayon, talagang mapanganib iyan, nakita ninyo. Nang sabihin nila ito. . .Buweno, minsan ang mga liwanag na ito ay hindi lumiliwanag, mayroong madilim na bahagi sa pagitan doon.

40 At pinagmasdan ko ang Anghel ng Panginoon nang Siya'y tumatayo rito, nararamdaman ko ito. Pagkatapos mararamdaman ko Itong kikilos palayo sa akin, at magmamasid ako, iiwan ako Nito at Ito'y pupunta kung saan at tatayo roon sandali, at makikita ko Ito. At Ito'y kikislap at magkakaroon ng isang pangitaing darating. Pagkatapos makikita ko ang pangitain. Magmamasid ako kung anong uri ng itsura ng taong iyon na naroon. Matatagpuan ko ang tao, pagkatapos magsasalita ako. Iyan ang nangyayari. Iyan ang nagaganap. Hindi ninyo kailangang sabihin sa lahat ng tao iyan, ngunit iya'y—iya'y kung ano ang nangyayari, nakita ninyo. Lahat ito ay nasa espirituwal na kalalagayan.

41 Pagkatapos kung ang taong iyan ay hindi tumugon, ito'y magiging tulad ng pagbabasa ng Biblia rito at pagsasabing, "Walang anoman Dito," lumayo mula Rito. Kita n'yo? Kaya ginagawa niyan ito na talagang masama. Kaya maging handa, makinig, maging mapagmasid. Kapag Siya ay nangusap, sumagot. Kita n'yo, maging handa lamang na sumagot sa ano mang oras.

42 At kaya ang asawa ko, at si Kapatid na Beeler at marami sa kanila, kaninang umaga, ay sinasabi sa akin ang tungkol dito, na tinatawag niyon ang isang lalaki tungkol sa kapatid niya,

kung saan, na may bagay na mali sa kaniya, at iba pa. At hindi tumugon ang lalaki sa tawag, kaya siya ay hindi matulungan. Iyan ay sa pagitan ng Diyos at ng lalaki. Iniwan ako ng pangitain. Pagkatapos hindi ko na ito makita, dahil hindi siya sumagot. Kaya, maging mapagmasid, maging handa.

43 Ngayon sa pagtalakay sa paksang ito ng *Demonolohiya* at nangungusap tungkol sa mga demonyo. Ngayon, ang mga tao, kapag sinabi ninyong "demonyo," kaagad-agad magsisimula silang mag-isip, "Oh, ilang panatismo o isang bagay!" Ngunit ang mga demonyo ay sadyang kasing totoo na gaya ng mga Anghel. Sila'y kasing totoo lamang.

44 At ang Diablo ay kasing totoo ng isang diablo, gaya ni Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos. Siya'y isang diablo! Ang Langit ay sadyang kasing totoo. At kung walang gayong bagay na gaya ng impiyerno, walang bagay na gaya ng Langit. At kung walang Walang-Hanggang pinagpala. . . Walang- hanggang kaparusahan, pala, ay walang Walang-hanggang pinagpala. Kung walang araw, ay walang gabi. Kita n'yo? Ngunit kasing tiyak gaya ng mayroong araw, ay mayroong gabi. Gaya—gaya ng siguradong mayroong—tiyak na mayroong Cristiyano, ay mayroong nakatalagang maging isang hipokrito. Gaya ng mayroong ilan na tunay mula sa Diyos, mayroong ilan upang gayahin iyan. Kita n'yo? Ito'y eksakto lamang na pagsang-ayon at pagtutol, itim at puti, mismo sa pagpapatuloy ng buhay sa lahat ng bagay, totoo at bulaan sa lahat ng dako. At mayroong isang bulaang ebanghelyo, mayroong isang totoong Ebanghelyo. Mayroong isang totoong Bautismo, mayroong isang bulaang bautismo. Mayroong isang kunwang-pananampalataya, at mayroong isang totoo. Mayroong isang totoong dolyar ng Amerika, mayroong pekeng dolyar ng Amerika. Mayroong isang totoong Cristiyano, mayroong totoong hipokrito, kita n'yo, na nanggagaya lamang. Kaya makikita ninyo iyan, kaya ito lahat ay nagkakasama. Nagyon, hindi natin mapaghihiwalay ito. Pinahihintulutan ng Diyos na pumatak ang ulan.

45 Pahintulutan nawa Niya akong mangusap dito ng kaunti lamang. Ilang mangangaral ang narito, itaas ang inyong mga kamay. Sa lahat ng dako, mga mangangaral, tingnan natin ang inyong mga kamay. Buweno, pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatid. Ngayon, ngayon, huwag ninyong kunin ito na isang doktrina ngayon, ngunit, bago lamang natin lapitan ang mahalagang paksang ito, sasabihin ko sa inyo kung ano. Gaano karami ang mga taong Pentekostal na narito? Itaas ang inyong mga kamay, sa lahat ng dako. Buweno, kayong lahat ay mga Pentekostal. Mabuti. Sasabihin ko sa inyo kung ano ang mayroon ako nang ako ay unang mapunta sa inyong dako, hanay.

Ako'y narito mismo sa Indiana, sa isang lugar na tinatawag na Mishawaka. Ang unang grupo ng mga taong Pentekostal na nakita ko, sila ay tinatawag na—na Pentekostal Assemblies

of Jesus Christ, palagay ko, o bagay na tulad niyan, kahanga-hangang lupon ng mga tao. Ngayon sila'y nag-organisang sama-sama at tinawag silang United Pentecost. Sila ay humiwalay mula sa iba pa sa kanila, dahil sa isang isyu ng bautismo sa tubig. Iyan ay hindi sila ginagawang anomang hipokrito. Mayroong maraming tunay, totoong tunay na Espiritu Santo, ipinanganak na muling Cristiano sa kanilang mga hanay. At ibinigay ng Diyos sa kanila ang Espiritu Santo sa pagiging bautismado sa "Pangalan ni Jesus," at ibinigay sa iba ang bautismo ng Espiritu Santo, sa pagiging bautismado sa "Ama, Anak, Espiritu Santo." Kaya, "Ibinigay sa kanila ng Diyos ang Espiritu Santo, na tumatalima sa Kaniya," kaya sinong—sinong mayroong, sinong sumunod sa Kaniya? Hayan kayo.

46 Kung kalilimutan lamang ninyo, at sila na gustong maging iba, hayaan silang maging gayon, at kayo ay magpapatuloy at maging magkakapatid. Iyan lang. Huwag. . . Anong gumawa nito, ay ang paghiwa-hiwalayin sila, paghihiwalay. Kita n'yo? Ano? Ay paghihiwalay, pagsisiraan, paghihiwalay ng pagiging magkakapatid, lumalabas at pinaghihiwalay ang inyong mga sarili. Hindi, ginoo, hindi tayo hiwalay, tayo'y iisa. Iya'y tama.

47 Ngunit nang ako ay nakatayo roon, pinagmamasdan ko ang mga taong iyon. Ngayon, ako, kagagaling lamang ng isang regular na munting Southern Baptist na simbahan, aba, nakita ko ang mga taong iyon, pumasok ako roon at ipinapalakpak nila ang kanilang mga kamay, sumisigaw, "Isa sa kanila, isa sa kanila, nagagalak na sabihin kong ako'y isa sa kanila!"

48 Naisip ko, "Naku! Whew!" Unang bagay alam n'yo, narito ang ilan patawid doon, sumasayaw ng husto sa abot ng kanilang maisasayaw. "Tuh - tuh - tuh - tuh - tuh," naisip ko, "anong asal ng iglesya! Hindi pa ako nakarinig ng bagay na gaya niyan." Patuloy akong nagmamasid sa kanila, palibot. Namamangha, "Buweno, ano ang nangyayari sa mga taong iyon?"

49 Ngayon, narinig ninyo akong magsabi ng aking talambuhay, kung saan nasagi ko ang pagtitipon na iyon doon. Ngunit ito ay isang bagay na hindi ko nasabi, hindi ko pa nasabi noon, sa publiko. Kaya sila. . . Ngayon, kung gusto ninyong alisin ito sa inyong rekorder, aba, maaari ninyong gawin. Mabuti. Ngayon, dito ay nagmasid ako, at ngayon naisip ko, "Buweno, silang mga tao ay ang pinakamasayang mga tao na nakita ko sa buhay ko." Hindi nila ikinahihiya ang relihiyon nila. Kaming mga Baptist ay medyo nahihiya, paminsan-minsan, alam n'yo. Kita n'yo? At kapag sila ay mananalangin, alam n'yo, pupunta sa likuran ng bentilador, alam n'yo. At—at, ngunit kami. . . Ngunit silang mga tao ay hindi, kapatid, sila—sila ay mayroong relihiyon sa kaluob-luoban, labas at sa kabuuan nila.

50 Buweno, naalala ko ng gabing iyon nang umakyat ako sa entablado. Sabi, "Lahat ng mga mangangaral ay umakyat sa

entablado." Iyon ay isang kombensiyon. Kailangan nilang gawin ito dito sa Timog, sa dahilan ng—sa dahilan ng problema sa mga itim, ang batas na Jim Crow ng Hilaga. Kaya silang lahat ay nagtagpu-tagpo roon mula sa lahat ng dako. Kaya, ako ay nakaupo roon. At sabi niya. . .Buweno, ngayon mayroong. . . napakinggan ang lahat ng mga mangangaral sa maghapon na iyon at gabing iyon. Sinabi nila isang matandang mangangaral, siya ay isang matandang itim na lalaki pumunta doon, kakaunting bahagi na lamang na buhok sa palibot ng kaniyang ulo, tulad *niyan*, malaki't lumang mahabang sutanang damit na pang mangangaral ang suot, alam n'yo, pelus na kuwelyo, at iyon ay mainit na panahon. Kawawang matandang lalaki lumabas doon tulag *nito*. Sabi niya, "Mahal kong mga anak," sabi niya, "gusto kong sabihin sa inyo," nagpapatotoo. Ako halos ang pinakabata na nakaupo sa entablado. Kaya pagkatapos sabi niya, "Sinabi ko sa inyo!" Kinuha niya ang kaniyang teksto mula roon sa Job, "Nasaan ka nang ilagay ko ang mga saligan ng sanglibutan? Ipahayag mo sa Akin kung saan sila ibinaon."

51 Lahat ng ibang mga mangangaral na ito ay nangangaral ng tungkol kay Cristo, ayon sa regular na paraan. Nakinig ako sa kanila, nasiyahan sa kanila. Ngunit hindi sa matandang lalaking iyon! Bumalik Siya roon ng mga sampung libong taon bago pa nagpasimula ang sanglibutan. Pumaroon Siya sa Kalangitan at bumaba patawid ng alapaap, kung ano ang nangyayari. Kung ano ang ipinapangaral nila, patuloy, sa maghapon; siya ay nangangaral sa kung ano ang nangyayari sa Langit. Dinala niya si Cristo pabalik sa pahalang na bahaghari, pabalik doon kung saan sa Kawalang-hanggan. Bakit, hindi pa siya nakakapangaral ng mga limang minuto hanggang sa ang matandang lalaki, may Bagay na nanghawakan sa kaniya. Lumundag siya pataas at pinalagitik ang mga takong magkasama, at humiyaw, "Whoopee!" Siya ay halos mayroong kasing luwang na puwang na gaya ng mayroon ako dito. Sabi niya, "Wala kayong sapat na puwang para sa aking upang mangaral," at siya ay nagpatuloy.

52 Buweno, naisip ko, "Kung iyan ay kayang gawin sa isang lalaking halos walumpong taong gulang, ano ang magagawa nito sa akin? Iyan ang gusto ko. Iyan ang gusto ko."

53 Ngunit ito ang nakatawag sa akin. Ngayon, nangungusap tayo tungkol sa mga demonyo ngayon. Ang nakatawag sa akin, pinagmasdan ko ang dalawang lalaki. Ang isa ay nakaupo sa isang tabi, at ang isa sa kabila. At kapag ang Espiritu ay bababa, silang mga lalaki ay magsisitindig at magsasalita ng ibang mga wika at sisigaw, at mamumuti ang bibig. At naisip ko, "Oh, naku, kung makakamtan ko lamang iyan!" Nakita n'yo? "Kahanga-hanga! Oh, iya'y. . .gustong-gusto ko iyan!" Buweno, nagpunta ako sa taniman ng mais. At sinabi ko sa inyo ang talambuhay ko. Mababasa ninyo ito sa aklat. Natulog ako buong magdamag. At

nagbalik ako ng sumunod na umaga, kaya naisip ko susubukan ko lamang. Mayroon akong paraan sa paggawa ng mga bagay na walang nakakaalam kundi ang Diyos at ako. Kaya, iyan, kumuha ako ng talinghaga at nagtungo upang katagpuin ang espiritu ng lalaki. Makikita n'yo mismo rito sa entablado. Kita n'yo? At kaya pagkatapos ako ay nakipag-usap sa isa sa mga lalaking iyon. Nakita ko sila, sila'y naupong magkatabi, at sila'y maghahawak kamay at sasayaw at sisigaw. Naisip ko, "Oh, naku, iya'y napaka-totoo sa akin!"

54 At hinawakan ang isa sa kaniyang mga kamay. Sabi ko, "Kumusta ka, ginoo?"

55 Sabi niya, "Kumusta ka." Napaka-inam na lalaki, tipong-magandang loob na lalaki. Sabi niya . . .

Sabi ko, "Ikaw ba ay isang ministro?"

Sabi niya, "Hindi, ginoo. Isa lamang akong karaniwang miyembro."

56 At nagpatuloy akong magkaroon ng kaunting pakikipag-usap sa kaniya para mahuli ko ang kaniyang espiritu. Kita n'yo? Hindi niya alam iyon. Walang sinomang nakakaalam. Wala akong sinabing anoman tungkol dito. Mga taon ang lumipas, bago ko binanggit ito. Kaya sila . . . Ngunit nang masumpungan ko, ito'y naging totoo, sadyang kasing sakdal, isang lalaking Cristiano! Ang lalaking iyon ay tunay na banal ng Diyos. Naisip ko, "Kapatid, iya'y mainam."

57 Ngunit ang nakapagtatakang bahagi, nang makatagpo ko ang isa pang lalaki, iyon ay taliwas. Siya ay nakikipamuhay sa isang babae na hindi niya asawa. Iya'y tama. At nakita ko itong lumabas sa kaniya, ang isang pangitain. Naisip ko, "Oh, naku, hindi pupuwede." At ang lalaki . . . naisip ko, "Ngayon, ngayon, ang espiritung ito sa kalagitnaan ng mga taong iyon ay mali. Iyan lamang ang mayroon doon."

58 Kaya nang gabing iyon nang ang . . . nagpunta sa pagtitipon, at ang mga pagpapala ay bumubuhos, mananalangin ako sa Diyos, at ang Banal na Espiritu, ang Anghel ng Panginoon ay nagbigay patotoo na iyon ay ang Espiritu Santo. At ang siya ring Espiritu na bumababa sa lalaking *ito* ay bumababa sa lalaking *iyon*. At kapag ang Espiritu ay bababa, sila kapwa ay magsisitindig, at sila kapwa ay sisigaw at hihiyaw at pupurihin ang Panginoon, at magsasalita sa mga ibang wika at sasayaw. Sabi ko, "Ako— ako—hindi ko maunawaan ito, Panginoon. Ang . . . Hindi ko makita ito sa Biblia, kung saan iyan ay magiging tama." Ngayon sabi ko, "Siguro ay nadaya ako." Kita n'yo? Sabi ko . . . Ngayon, dito, ako—hindi ako . . . ako'y—ako'y talagang pundamentalista sa Biblia. Ito'y dapat na maging Ganito. Kita n'yo? Sabi ko, "Panginoon, alam Mo ang kalagayan ko, at ako—kailangan kong makita ito sa Iyong Salita. At ako—hindi ko maunawaan. Kapag ang Banal na Espiritu ay

bumababa sa lalaking *ito*, ang Banal na Espiritu ay bumababa sa lalaking *iyon*, at isa sa kanila ay banal at ang isa naman ay hipokrito. At alam ko na iyon nga." Alam ko iyon. Nang walang. . . maaari kong hatakin palabas ang lalaki at patunayan ito sa kaniya, o tawagin siya roon mismo at sabihin sa kaniya ang tungkol doon.

59 Tulad ng magagawa ko sa lalaking iyon na nakaupo rito mismo kagabi, walang iba kundi isang—isang impostor, kung mayroon mang isa na nakaupo roon noon. At dapat tinawag ko ito, ngunit maaaring tumayo siya at magsimulang makipagtalo. Kaya hinayaan ko lamang iyon, sa kadahilanan ng pagtitipon, ngunit nakilala ko siya. Oo, ginoo.

Mayroong isa, dalawa sa kanila, na nakaupo mismo sa likod doon, noong isang gabi, kabilang sa isang iglesya mismo rito sa siyudad. Talagang mga kritiko! Nakita ko sila. Ngunit, kung gagawin ninyo, dito mag-uumpisa ang gulo. Nagawa ko na ito ng maraming beses. Hinahayaan ko lang sila. Ito'y ayos lang. Alam ng Diyos, Siya ang Hukom. Hayaan silang tawagan ako minsan, at pagkatapos makakakita kayo ng isang bagay na magaganap, kita n'yo, hayaan siya.

Tulad ng demonyo, hindi ko kailan man tinawag ang demonyo. Lumalapit lamang siya sa akin at hinahamon ako. Doon kung kailan kikilos ang Diyos, kita n'yo, iya'y tama, at nakita ninyo kung ano ang nangyari. Mabuti. Ngunit hinayaan ko lamang iyon. Ginawa ang pagtitipon na mabigat, sapagka't ang espiritung iyon ay kumikilos mismo sa akin sa lahat ng pagkakataon, kita n'yo. At kaya nagpatuloy lamang ako.

60 Ngunit ngayon, ang mga lalaking ito, hindi ko maunawaan ito. At ito ay dalawang taon bandang huli, o tatlo, nang nasa Green's Mill ako, Indiana, dito, sa laan na lupang iskaut. Ako ay naroon sa isang lumang kuweba kung saan ako ay nagpupunta upang manalangin. At doon noon, sabi ko, "Panginoon, hindi ko maunawaan kung ano ang nangyayari sa grupong iyon ng mga tao. Ang pinakamainam na mga tao na nakilala ko sa tanang buhay ko, at ako—hindi ko maunawaan kung papaano na iyan ay maaring maging maling espiritu. Nang ito'y ang. . . kung noon. . . Alam Mo ang katapatan ng aking puso. Alam Mo kung gaano Kita kamahal at kung papaano Kita pinaglingkuran. At ang siya ring Espiritu na naririto, kasama ko, ay nasa mga taong iyon. At narito Ito sa lalaking iyon, doon, sadyang gayun din." Kaya hindi ko maunawaan.

61 At ang Panginoon ay bumaba sa Kaniyang awa at ipinakita sa akin. Narito kung nasaan ito noon. Dapat itong maging Iskriptural, muna. Sabi niya "Damputin mo ang iyong Biblia." At dinampot ko ang aking Biblia. Palagay ko hinawakan ko ang Bibliang iyan ng sampung minuto ng walang sinumang. . . ano pa mang Salita na dumarating. Naghintay ako ng ilan pang

sandali. Narinig ko uli Siyang nagsabi, "Buksan mo sa Hebreo 6 at magsimulang magbasa." At ginawa ko. At nang dumako ito roon, kung saan sinabi Nito, "Ang ulan ay madalas na lumalagpak sa lupa upang diligin ito at inihahanda ito, binukid ito para sa ito'y. . .ngunit ang mga tinik at mga dawag, na malapit sa pagtakwil, na ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin." At nakuha ko ito doon mismo.

Naisip ko, "Hayun ito. Salamat sa Diyos! Hayun ito." Kita n'yo?

62 Ngayon, sabi ni Jesus, "Isang manghahasik ay humayong naghahasik ng mga binhi," hindi ba sinabi Niya? Ngayon, lahat kayo rito ay Cristiyano. Lahat ay itinaas ang kanilang mga kamay, kahit papaano, Pentekostal, ipinanganak na muling mga Cristiyano. Mabuti. Sila. . .At sabi Niya, "Isang manghahasik ay humayo, naghahasik ng mga binhi. At habang siya ay natutulog. . ." Ang Kaniyang pahinga, kamatayan, sa pagitan. Kita n'yo? "At habang siya'y natutulog, isang kaaway ay dumating at naghasik ng mga pansirang damo sa bukirin na iyan." Ano ang pansirang damo? Mga damo, mga dawag at mga bagay. Ngayon, "At nang ang magsasaka (ang mangangaral) nakita ang mga pansirang damong ito ay lumalago, sabi, 'Hayaan akong bunutin sila.' Sabi niya, 'Hindi, hindi. Mabubunot din ninyo ang trigo. Hayaan silang lumaking magkasama.' "

63 Mayroong bukirin ng trigo sa dako rito. May mga baging, mga kulitis, mabahong damo, lahat ng bagay ay naroon. Iyan ba'y tama? Ngunit, ngayon, doon ay mayroong trigo. Ngayon, ang ulan ay lumalagpak ng madalas sa lupa, upang diligin ito. Ngayon, para sa ano ang ulan? Hindi para diligin ang kulitis. Ngayon masdan at makinig ng maigi. Hindi para diligin ang baging. Ang ulan ay ipinadala para sa trigo, ngunit ang kulitis at ang damo ay sadyang kasing uhaw na gaya ng trigo. At ang siya ring ulan na lumalagpak sa trigo ay lumalagpak sa damo. At ang munting damo ay titindig ng matuwid na tulad niyan, at masaya at nagagalak, na kasing tulad lamang gaya ng munting trigo ay titindig at itayo ang sarili nito.

64 "Ngunit sa kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila." Hayan kayo. Kita n'yo? Ngayon, ang siya ring Banal na Espiritu ay magagawang pagpalain ang isang hipokrito. Nilito niyan ang ilan sa inyong mga Arminian, ngunit iyan ang Katotohanan. Iyan ang Katotohanan. Naturuan sa kabanalan, na naniniwala ako sa kabanalan, din. Ngunit ang siya ring Espiritu, ang ulan ay lumalagpak sa matuwid at sa di matuwid, ngunit sa kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila.

65 Kung ako ay titingin dito at kukuha ng trigo, makakakuha ako ng trigo, ngunit ang mga damo ay nakakalumpol lahat doon. At sila ay nabubuhay sa gayon ding ulan na lumagpak para sa

trigo. At ang ulan ay hindi ipinadala para sa mga damo, ito ay ipinadala para sa Trigo. Ngunit ang ulan bilang nasa bukirin, ang trigo bilang. . . ang mga damo bilang nasa taniman ng trigo, ay nakakuha ng gayong pakinabang mula sa ulan na gaya din naman ng iba pa sa kanila. At ang gayon ding ulan na bumuhay sa trigo, ay bumuhay sa damo.

66 Lahat ng mga bagay sa natural ay tumitipo sa espirituwal, gaya ng itinuturo natin. Hayun ito, demonolohiya, mga demonyo na ginagaya ang Cristiyanismo, gayon may, may pagpapala. Iyan ay hindi gatas, mga kapatid, kung matatanggap n'yo ito. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, ito'y—ito'y Katotohanan.

67 Kaya, hindi ako ligtas ngayon dahil nagagawa kong sumigaw. Ligtas ako hindi dahil sa nararamdaman kong ligtas ako. Ligtas ako dahil nakatagpo ko ang mga kundisyon ng Diyos sa Bibliang ito. Sabi ni Jesus, "Siya na dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi papasok sa paghatol, kundi lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay." Naniniwala ako riyan. Iya'y tama. At sa mga kundisyon na iyan ako ay naligtas, dahil sinabi ng Diyos.

68 Kung sinabi niya sa akin na kayo'y ligtas dahil sinabi ng iba, "Isang malakas na hugong ng hangin ay tumama sa mukha ko," iyan ay kahanga-hanga, ngunit gusto kong malaman kung saan nanggaling ang malakas na hugong ng hangin na iyan bago ito tumama sa mukha ko, kita n'yo. Ngayon, anong uri ng buhay ang ipamumuhay ninyo pagkatapos na ang malakas na hugong ng hangin ay tumama sa inyo? Kita n'yo? Kita n'yo, ito'y sa pamamagitan ng bunga ninyo kayo'y makikilala. Kaya, magagawang kumilos ng mga demonyo sa kalagitnaan mismo ng mga Cristiyano. Naniniwala kayo diyan? Tingnan si Pablo, sinabi ni Pablo. . .

69 Ngayon narito kung saan ang Latter-Day Rain. . . Kung mayroong sinoman sa inyo rito, patawarin ninyo ako kung nagsasabi ako ng anomang bagay laban sa inyo. Hindi ako magsasabi ng higit pa laban sa inyo kaysa gagawin ko sa mga assemblies, o sinoman, ang mga Baptist, sino pa mang iba. Ito'y Katotohanan ay kung ano ang Katotohanan. Kung saan kayo nalihis, ay ito nga: gumagawa kayo ng mga propeta mula sa kanila na mga kalalakihan at mga bagay na hindi mga propeta. Ang mga propeta ay hindi "pinatungan ng mga kamay" at isinusugo. Ang mga propeta ay ipinanganganak. Kita n'yo? Sa Biblia, may isang *kaloob* ng panghuhula. Doon kung saan ang inyong pagkakamali, sa pagitan ng *kaloob* ng panghuhula at isang propeta. Ang kaloob. . .

70 "Ang Diyos, na nagsalita noong unang panahon sa mga magulang natin sa iba't-ibang panahon at sa iba't-ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, ay nagsalita sa mga huling

araw na ito sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, si Cristo Jesus." At ang Katawan ni Cristo ay mayroong siyam na espirituwal na mga kaloob na kumikilos sa loob nito. At maaaring ito ay nasa babaeng *ito* ngayong gabi, panghuhula, maaaring hindi na mangyari sa buong buhay niya. Maaaring ito ay nasa babaeng *ito* sa susunod na gabi. Maaaring nasa lalaking *ito* sa susunod na pagkakataon. Maaaring nasa isang *iyon* sa likuran doon, sa susunod na pagkakataon. Hindi siya ginagawang propeta niyan, hindi ginagawa ang sinoman na isang propeta. Ito'y isang kaloob ng panghuhula sa inyo.

71 At bago ang lalaking iyon o ang hulang iyan ay maibigay sa iglesya, ito ay kailangan na hatulan sa harap ng dalawa o tatlong espirituwal na mga hukom. Iyan ba'y tama? Sang-ayon, ngayon, sabi ni Pablo, "Kayong lahat ay maaaring makapanghula, isa-isa." Kung may bagay na maipapahayag sa isang *ito*, hayaan ang isang *iyan* na magpigil sa sarili. Buweno, gagawin niyan ang buong lupon na mga propeta kung gayon, sang-ayon sa katuruan ngayon. Hindi, Pentekostal na iglesya, ginulo natin ang lahat ng bagay. At iyan ang dahilan na ang Diyos ay hindi makapasok, hanggang sa magawa nating maiayos ang bagay at ang nasa Biblia. Iya'y tama. Kailangang makuha ninyo ang tamang landas. Papaano kayo magtatayo ng isang bahay ng hindi tumitingin sa guhit balangkas? Kita n'yo? Dapat kayong magsimula ng tama.

72 Ngayon, doon, ang isang propeta, wala kayong nakitang sinoman na tumayo sa harap nina Isaias, Moises. May isa na tumindig, si Core, isang araw, at sinubok na makipagtalo sa kaniya, at sabi ng Diyos, "Ihiwalay mo ang iyong sarili, bubuksan Ko ang lupa." Ang isang propeta ay ipinanganganak. "Ang mga kaloob at mga pagtawag. . .hindi nagbabago." Iyan ang pagtatalaga ng Diyos, mula sa pagkabata pataas. Lahat ng bagay ay tamang-tama sa pagpapatuloy, eksakto sa kung ano ang sinabi niya na katotohanan at pinatunayan at natupad. Ito'y ang Salita ng Diyos, na dumarating sa propeta. Ngunit ang isang kaloob ng panghuhula ay nasa iglesya.

73 Ngayon sabi ninyo, "Buweno, ang mga propeta ay ang Lumang Tipan." Oh, hindi! Ang Bagong Tipan ay mayroong mga propeta.

74 Si Agabus ay isang—ay isang propeta sa Bagong Tipan. Tingnan ang Espiritu ng paghuhula na bumababa roon at sinasabi kay Pablo ang tungkol dito. Pagkatapos narito dumating si Agabus mula sa Jerusalem, at nasumpungan si Pablo, at itinali ang bigkis niya sa palibot niya, at pumihit at sinabing, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang lalaki na nakasuot nito ay matatanikalaan kapag siya ay dumating sa Jerusalem." Si Agabus, na tumindig at nagsabi, nanghula kung ano ang mangyayari, siya ay isang propeta, hindi isang lalaki na mayroong kaloob ng panghuhula.

75 At ang kaloob ng pagpapagaling at lahat ng mga kaloob na iyon, kaibigan kong Pentekostal, ay pinag-halu-halo ninyo. Ang mga kaloob ay nasa iglesya, natatalaga sa sino mang tao sa iglesya, sinuman na nabautismuhan sa Katawan. "Sa isang Espiritu tayong lahat ay binautismuhan papasok." At sabi ng Biblia . . .

"Buweno, taglay ko ang kaloob ng pagpapagaling."

76 Buweno, sabi ng Biblia, "Magpahayagan nga kayo sa isa't-isa ng inyong mga kasalanan, at magpanalanginan sa isa't-isa." Bawat tao ay magpanalanginan sa isa't-isa. Hindi tayo isang hiwa-hiwalay na grupo; tayo'y isang pinagsama-sama, tinipon na grupo. Kita n'yo?

Ngayon, at doon kung papaano na ang mga demonyo kung minsan ay kumikilos.

77 Ngayon masdan kung ano ang sabi ni Pablo, "Kung ang isa ay magsalita sa iba't-ibang wika at isa pa ay magpaliwanag, at anuman ang sinabi niya, hayaan itong mapatunayan bago— bago ito matanggap ng iglesya."

78 Ngayon, hindi ito pag-uulit ng Kasulatan, o ibang bagay tulad niyan. Hindi inuulit ng Diyos ang Kaniyang sarili. Ngunit magiging isang babala ito sa iglesya. At kung ang mga mabubuting hukom ang nagsabi, "Tanggapin natin iyan. Mabuti, ito'y sa Panginoon." Ang pangalawa ay nagsasabing, "Tanggapin natin ito." Sa bibig ng dalawa o tatlong mga saksi, ang bawat salita ay matatag. Kung gayon tatanggapin ito ng iglesya at maghahanda para dito. Kung iyon ay hindi maganap, kung ano ang sinabi, kung gayon mayroon kayong masamang espiritu sa kalagitnaan ninyo. Iya'y tama. At kung ito ay maganap, kung gayon salamat sa Diyos, ang Espiritu ng Diyos ay nasa kalagitnaan ninyo. Kita n'yo? Ngayon, diyan kayo dapat na magmasid at maging maingat. Kaya, huwag magsubok ng magpumilit. Hindi ko magagawa ang sarili ko na magkaroon ng brown na mata kapag mayroon akong asul, kita n'yo, dapat masiyahan ako sa asul na mga mata. Ngayon, doon kung saan kumikilos ang mga demonyo sa kalalagayan ng espirituwal na mga tao.

79 Ngayon mayroon tayong malalim na bagay na dumarating dito, at umaasa ako na ito'y hindi napakalalim. Ngayon doon sa Unang Samuel 28, nais kong bumasa ng ilang Kasulatan dito sa pagkakataong ito mismo. Gusto kong makinig kayong mabuti. At gusto kong ilabas ang "mga demonyo," ipapakita sa inyo kung papaano silang kumikilos sa iglesya mismo, at kung papaanong si Satanas ay mayroong panggaya para sa bawat tunay na naroon. Ngayon makikita ninyo, sang-ayon sa Biblia, na ang mga demonyo ay pumaparoon sa kalagitnaan ng mga Cristiyano at sila ay nanggagaya.

80 At sa maraming pagkakaton ipinahayag natin ang mga tao na mga Cristiyano kapag sinabi nilang, "Nananampalataya ako kay Jesus Cristo." Bakit, ang mga diablo ay pinaniniwalaan din ang gayong bagay, at nanginginig pa. Hindi iyan palatandaan na ligtas kayo. Isa sa mga gabing ito gusto kong pumunta sa paghirang, at pagkatapos makikita ninyo kung ano ang ibig sabihin ng kaligtasan. Kita n'yo? Wala kayong anomang bagay na kinalaman dito, sa unang pagkakataon, o sa huling pagkakataon, o wala kayong ano mang magagawa tungkol dito. Inililigtas ng Diyos ang isang tao, ng walang kondisyon. Naku, iyan ay pumasok ng malalim hindi ba? Ngayon, mas mabuti pang alisin iyan sa sistema ninyo, habang tayo'y naririyan. Mabuti.

81 Si Abraham ang pasimula ng pananampalataya natin. Tama ba iyan? Oh, taglay ni Abraham ang pangako. At tinawag ng Diyos si Abraham dahil sa siya ay isang dakilang tao, palagay ko? Hindi, ginoo. Nanggaling siya mula sa Babilonia, sa—sa lupain ng Caldes, sa siyudad ng Ur, at tinawag siya ng Diyos at gumawa Siya ng kasunduan sa kaniya, ng walang kondisyon. "Ililigtas Kita. At hindi lamang ikaw, Abraham, kundi ang iyong Binhi," ng walang kondisyon.

82 Gumawa ang Diyos ng kasunduan sa tao, at ang tao ay sinisira palagi ang kaniyang kasunduan. Ang tao ay hindi kailan man tumupad sa kasunduan niya sa Diyos. Ang kautusan ay hindi tinupad. Hindi nila matupad ang kautusan. Si Cristo ay dumating at sinira ang kautusan, Mismo, dahil ang biyaya ay naglaan na ng isang Tagapagligtas. Si Moises ay naglaan ng daan ng pagtakas, at pagkatapos ang pagtakas, pala, at pagkatapos ang mga tao, pagtapos niyan, gusto pa rin nilang gumawa ng isang bagay. Ang tao ay laging nagpipilit na gumawa ng isang bagay para iligtas ang sarili niya, nang hindi naman ninyo magawa ito. Kalikasan niya ito. Pagkakita na pagkakita niya na siya ay hubad, sa halamanan ng Eden, gumawa siya ng ilang dahon ng igos na balabal. Iyan ba'y tama? Ngunit nasumpungan niya na iyon ay 'di pupuwede. Walang magagawa ang tao upang iligtas ang kaniyang sarili. Inililigtas kayo ng Diyos, ng walang kondisyon, sa lahat ng kapanahunan. At pagkatapos kapag kayo'y ligtas, kayo'y ligtas.

83 Tingnan si Abraham. Hayun ang lalaking iyon, pumaroon, at ibinigay ng Diyos sa kaniya ang lupain ng Palestina at sinabi sa kaniya na huwag aalis doon. Sino mang Hudyo na nilisan ang Palestina ay natalikod. Sinabi sa kaniya ng Diyos na manatili roon. Kung ang Diyos ay nagsasabi sa inyo na gumawa ng ibang bagay, at hindi ninyo gagawin iyon, kung gayon kayo ay natalikod. Iyan ba'y tama? Mabuti, ang tagtuyot ay dumating, upang subukin ang pananampalataya ni Abraham. At sa halip na si Abraham ay manatili roon, hindi, hindi siya makapanatili roon, siya ay umalis, at isinama si Sarah at nagpunta ng mga tatlong daang milya (sana ay mayroon akong panahon para

diyan) doon sa ibang lupain.

84 At nang makarating siya roon, at pagkatapos nakita ninyo ang dakilang haring ito roon, si Abimelech. Siya ay bata pang lalaki at naghahanap siya ng mapapangasawa, kaya nakita niya ang asawa ni Abraham, si Sarah at umibig sa kaniya. At sabi ni Abraham, "Ngayon, sabihin mo sa kaniya na kapatid kita at kapatid mo ako."

85 Kaya iyan ay nakalugod kay Abimelech, kaya sabi niya, "Mabuti, dadalhin namin siya roon sa kastilyo." At palagay ko ang mga kababaihan ay inayusan siya, at pakakasalan niya siya sa susunod na araw.

86 At si Abimelech ay isang mabuting tao, isang matuwid na lalaki. At nang gabing iyon, habang siya ay natutulog, ang Panginoon ay nagpakita sa kaniya at sabi, "Ikaw ay mistulang patay na tao." Sabi Niya, "Ang asawa ng lalaki . . . Ang babae na naroon para pakakasalan mo, ay asawa ng ibang lalaki." Ngayon masdan. "Asawa ng ibang lalaki."

87 Bakit, sabi niya, "Panginoon, alam Mo ang katapatan ng puso ko," isang matuwid, banal na lalaki. "Alam Mo ang katapatan ng puso ko. Sinabi ng lalaking iyon sa akin na iyon ay 'kapatid niyang babae'. At hindi ba't sinabi niya sa akin, siya mismo, na iyon ay 'kapatid kong lalaki'?"

88 Sabi Niya, sabi ng Diyos, "alam Ko ang katapatan ng puso mo, at iyan ang dahilan na iningatan Kitang huwag magkasala laban sa Akin. Ngunit iyon ay Aking propeta!" Aleluyah!

89 Ano siya? Natalikod, at isang munting, kiming sinungaling. Iyan ba'y tama? Oh, hindi, walang medyo maputi na mga kasinungalingan. Sila'y itim na mga kasinungalingan o sila'y hindi mga kasinungalingan. Ang lalaki ay nakaupo roon nagsasabi ng isang kasinungalingang alam ng lahat na totoo, sinasabi na iyon ay "kapatid" niya na iyon ay asawa niyang babae, nagpaliguy-ligoy pa at nawalay.

90 At narito ang isang matuwid na lalaki nakatayo sa harapan ng Diyos, at sabi, "Panginoon, batid Mo ang puso ko."

91 "Ngunit hindi Ko pakikinggan ang panalangin mo, Abimelech, ngunit kunin mo siya . . . ibalik mo siya at hayaan siyang manalangin para sa iyo. Siya'y Aking propeta; pakikinggan Ko siya." Oo, isang natalikod, sinungaling, ngunit, "Iyan ay Aking propeta." Katotohanan ba iyan? Iyan ay Biblia.

92 Ngayon, huwag masyadong magpakalayu-layo dito sa panig na Calvinista, "Pagka nasa biyaya, laging nasa biyaya," dahil kayo'y mapapasama. Kita n'yo? Ngayon, sandali lamang, kukuha tayo ng panahon sa sanglinggong ito upang ilabas iyan at ipakita sa inyo kung gaano ito katimbang. Ngunit huwag isipin na dahil lamang sa kayo'y nakagawa ng bagay na mali kayo'y napahamak na magpakailan man. Kayo'y isang anak ng

Diyos, kayo'y ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, kayo'y mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, at ang mga bunga ay magpapatotoo sa sarili nito. Hayan kayo.

93 Ngayon, narito tayo, nakaupo sa lupain. Ngayon, gusto kong bumasa rito, ang ika-6 na talata.

> *At nang mag-usisa si Saul sa Panginoon, ay hindi siya sinagot ng Panginoon, maging sa* panaginip *man, ni* sa *Urim man, ni sa pamamagitan man* ng propeta.

> *Nang magkagayo'y sinabi ni Saul sa kaniyang mga lingkod, Ihanap ninyo ako ng isang babae* na *nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, upang ako'y pumaroon sa kaniya, at mag-usisa sa kaniya.*

Makakapaglagay ako ng bagay na pagdiriin dito mismo, para sa . . . "Ihanap ninyo ako ng isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu."

> *. . .At sinabi ng kaniyang mga lingkod* sa *kaniya, Narito, may isang babae na* nakikipagsanggunian *sa masamang espiritu sa Endor.*

> *At hindi napakilala si Saul, at nagsuot ng kasuotan, ibang* kasuotan, *at naparoon siya,* dalawa*. . .at dalawang lalaki na kasama niya, at sila'y dumating sa babae nang kinagabihan: at* kanilang *sinabi, isinasamo ko sa iyo,. . .*laan *mo ako sa pamamagitan ng sinasanggunian mong espiritu, at iahon mo. . .sa akin, sinomang banggitin ko sa iyo.*

> *At sinabi ng babae sa kaniya, Narito, iyong nalalaman* ang *ginawa* ni *Saul,* nalalaman*, kung paanong kaniyang inihiwalay* lahat *yaong mga nakikipagsanggunian sa mga masamang espiritu, at. . . mga manghuhula, sa lupain:* kung gayon*. . . ipinaglalaan mo ng silo ang aking buhay,* at *upang ipapatay ako?*

> *At* sumagot *si Saul, sumumpa sa kaniya sa pamamagitan ng Panginoon, na sinasabi, Buhay ang PANGINOON, walang parusang mangyayari* sa *iyo. . .*

> *Nang magkagayo'y sinabi ng babae, Sinong iaahon ko. . .iyo? At kaniyang sinabi, Iahon mo si Samuel sa akin.*

> *At nang makita ng babae si Samuel, ay sumigaw ng malakas na tinig: at nagsalita ang babae kay Saul, na sinasabi, Bakit mo ako dinaya? Sapagka't ikaw ay si Saul.*

> *At sinabi ng hari sa kaniya, Huwag kang matakot: sapagkat ano'ng iyong nakikita? At sinabi ng babae aking. . .kay Saul, Aking nakikita'y mga diyos na lumilitaw sa lupa.*

> *At kaniyang sinabi sa kaniya, Ano* ang *kaniyang anyo? At sinabi niya, Isang matandang lalaki ay lumilitaw; at siya'y nabilot ng isang balabal. At si* Sam-. . .(Iyon ay yaong balabal ng propeta, siyempre. Kita n'yo?). . . *nakilala na si Samuel, at siya'y* tumayo *sa*. . .at *ang kaniyang mukha sa lupa, at nagbigay galang.*
>
> *At sinabi ni Samuel* kay *Saul, Bakit mo binagabag ako,* sa *aking pag-ahon? Sumagot si Saul,* at sinabi, *Ako'y totoong naliligalig;* sapagka't *ang mga Filisteo ay nangdidigma laban sa akin, at ang Diyos* ay *humiwalay sa akin, at hindi na ako* sinasagot, *kahit sa pamamagitan ng* propeta, ni *ng* panaginip *man: kaya ako'y*. . .*tinawag kita, upang maipakilala mo sa akin kung ano ang aking* gagawin.
>
> *At sinabi ni Samuel, Bakit nga*. . .*nagtatanong ka*. . . *sa akin, dangang ang PANGINOON ay humiwalay sa iyo, at—at naging iyong kaaway?*
>
> *At ginawa ng PANGINOON* sa *kaniya, ang gaya ng sinalita niya sa pamamagitan ko: t inihiwalay ng PANGINOON ang kaniyang kaharian* sa iyong *kamay, at ibinigay* ito samakatuwid baga'y. . .*David:*

94 Ngayon, marami sa inyo, pamilya dito. Ngayon gusto nating tumungo kaagad doon, at tulungan tayo ng Diyos ngayon, sa ilang sandali, upang tumungo dito. Ngayon masdan. Mayroong isang lalaki, si Saul, na minsan ay itinuring na isang propeta, sapagka't siya ay nanghula kasama ng mga propeta. Tama ba iyan, mga guro? Ngayon, narito ang lalaki ay natalikod. Tama ba iyan? Ngunit alalahanin kung saan sinabi ni Samuel na siya'y patutungo, kasama niya, sa sumunod na araw. Napaagang namatay, kita n'yo. Mabuti, kung hindi ninyo susundin ang Diyos, aalisin kayo ng Diyos sa lupa.

95 Tingnan sa liham sa Corinto roon, kung papaanong inilagay ni Pablo ang mga taong iyon sa kaayusan. Sabi niya, "Una, pinasalamatan ko ang Diyos dahil sa inyo, na walang anomang gayong mga bagay sa kalagitnaan ninyo, at iba pa, at kung papaano na—na kayo ay hindi nagkulang sa espirituwal na kaloob." Sinasabi sa kanila kung ano sila noon, sa katayuan, kay Cristo. Pagkatapos inumpisahan niyang ibagsak sa kanila ang martilyo, sinasabi sa kanila ang tungkol sa mga kababaihan nilang mangangaral, at kung papaano ang ginagawa nila, at kung papaano sila kumakain sa dulang ng Panginoon.

At maging ang isang lalaki na nakikisama sa kaniyang ale, at sinabi niya sa lalaking ito kay Cristo, "Ibigay siya sa Diablo, para sa pagkasira ng laman, upang ang kaluluwa ay maligtas." Kita nyo, iyan nga, ibigay siya. Sabi ng Biblia, "Dahil dito marami ang sakitin at mahihina sa inyong kalagitnaan, at marami ay natutulog," namatay ng wala sa panahon dahil sa

kasalanan. Aalisin kayo ng Diyos sa daan; isang magandang palatandaan na kayo ay isang Cristiyano, kung kayo ay kinuha.

96 Kaya, ngayon pansinin dito, si Saul, ay itinuring na isa sa mga propeta, o sa kalagitnaan ng mga propeta, dahil sa siya ay nanghula. At ngayon siya'y nawalay, dahil sinuway niya ang Diyos, at ang kaniyang kaharian ay nahiwalay sa kaniyang mga kamay at nailagay sa kamay ni David, na pinahiran ng Diyos sa pamamagitan ni Samuel, na taglay ang lalagyan ng langis.

97 Pansinin, noon, mayroong tatlong kaparaanang taglay sila sa paghanap ng mg bagay mula sa Diyos; ang una ay—y ang propeta, ang ikalawa ay sa panaginip, at ang ikatlo ay ang Urim Thummim. At alin man ay ayaw sumagot. Ngayon, alam ninyo kung ano ang isang propeta, alam ninyo kung ano ang isang panaginip na espirituwal, at alam ninyo kung ano ang Urim at Thummim. Alam ninyo, noong isang araw tinanong ko ang isang—isang lalaki kung ano ang Urim, ang lalaking iyon ay hindi masabi sa akin kung ano iyon, ang Urim at Thummim. Mangyari pa, iyon ay Diyos na sumasagot sa pamamagitan ng mga ito. Kita n'yo?

98 At ang Diablo ay gumagawa ng panghuhuwad sa bawat isa ng mga iyon; ang mangkukulam, ang bulaang propeta, at ang tagamasid sa bolang kristal. Kita n'yo?

Ngayon, ng Urim at Thummim ay nakasabit sa dibdib ni Aaron, *dito*, at ang Urim at Thummim ay napapaligiran ng mga batong iyon. At isinabit nila ito sa templo. At kapag hindi sila tiyak, tutungo sila sa harap ng Diyos, para sa katugunan, at isang liwanag ay kikislap sa Urim at Thummim na iyon, na, kung ito'y kalooban ng Diyos, o hindi. Ngayon, kapag ang Urim at Thummim ay ayaw sumagot... Ngayon, iyon ay tuwirang sagot mula sa Diyos.

Ngayon, ang Urim at Thummim sa ngayon; ang manghuhula ay kumuha ng isang bolang kristal, upang gayahin Iyan; isang bagay na bulaan. Ang Diyos ay nasa trinidad; ang mga kapangyarihan ng Diyos ay nasa trinidad. At ang Diablo ay nasa isang trinidad, at ang mga kapangyarihan niya ay nasa trinidad. At mapapatunayan ko ito sa pamamagitan ng Biblia. At iyung Urim at Thummim; ay ang bolang kristal lamang na ginagamit ng Diablo ngayon. At ang bulaang propeta ngayon dito, ang isa na mayroon tayo ngayon, ay... O, ang mangkukulam, o ang manghuhula roon, kinuha ang lugar ng propeta, sa panig ng Diablo. Nakita ninyo ang ibig kong sabihin?

99 Ngayon, kung gayon, ang Urim at Thummim ngayon ay ang Bibliang ito. Kung sinoman ay nagbigay ng isang hula o isang panaginip, at ito ay hindi kumumpara o sumang-ayon sa Biblia ng Diyos, ito'y bulaan. Huwag paniwalaan ito.

100 Isang lalaki ang lumapit sa akin 'di pa katagalan, mula sa India, kung saan ako'y napipintong pumunta, isang mabuting

munting mangangral. Sabi niya, “Kapatid na Branham, ako ay naparito.” Sabi, “Isang babae ay taglay ang Espiritu Santo, at,” sabi, “siya’y totoong kaibig-ibig, pinakamabuting babae.” Sabi niya, “At siya ay nag-asawa ng apat na beses na, at nakikisama sa kaniyang ika-apat na asawa. At sabi ko, ‘Buweno, papaano mangyayari iyan, Panginoon?’” At sabi, “Dumulog ako sa Kaniya at sabi, ‘Oh, luwalhati sa Diyos!’ Sabi, ‘Aleluyah! Purihin ang Panginoon!’” Isa lamang sa ganiyang na, alam n’yo. “Sabi, ‘Aleluyah! Purihin ang Panginoon!’” “Sinabi ng Panginoon sa akin, ‘Narito, bibigyan Kita ng isang panaginip.’” At sabi, “Nanaginip ako na ang asawa ko, nakita ko siyang nabubuhay sa pangangalunya. At siya ay bumalik sa akin at sabi, ‘Oh, maaari mo ba akong patawarin, Victor? Maaari bang patawarin mo ako? Hindi ko. . .’ ‘Bakit,’ sabi ko, ‘totoo, patatawarin kita at tatanggapin kita.’” Sabi niya, “Ngayon, iyan ang ginawa ko.” Sabi, “Kita mo, pinatawad ko.”

101 Sabi ko, “Victor, ang panaginip mo ay napakaganda, ngunit ang Diablo ang nagbigay niyon sa iyo.”

Sabi niya, “Bakit?”

102 Sabi ko, “Hindi umuugma sa Salita ng Diyos. Siya’y nabubuhay sa pangangalunya. Tumpak. Hindi siya maaaring makisama sa apat na lalaki. Tama. Iiwan niya iyon at babalik sa kaniyang una, siya’y mas-malala ng husto kaysa ng siya ay nasa pasimula. Siya ay kailangang mamuhay na mag-isa, sa buong buhay niya.” Sabi ko, “Alam mo iyan ay hindi umuugma sa Salita ng Diyos. Kaya ang kaniyang. . . Ang panaginip ay mo bulaan.” Sabi ko, “Hindi ito umuugma Dito.”

103 At kapag ang isang propeta ay nanghula, at sila ay nangusap, at gustong malaman kung ang hulang iyon ay totoo, ihaharap nila ito sa Urim at Thummim. At kung ang Tinig ng Diyos ay ihatid ang mga liwanag sa Urim at Thummim, kung gayon iyon ay tama, ang Katotohanan. At kung ang isang tao ay magbigay ng isang paliwanag, magbigay ng isang panaginip, magbigay ng bagay mula sa Biblia, at, o bagay na iba, at hindi ito umuugma sa Salita ng Diyos, ito’y bulaan. Hayan ang Urim at Thummim ngayon. Ang Salita ng Diyos ay nangungusap, at iyan ay tuwiran na Tinig ng Diyos, tulad ng Urim at Thummim noon bago nasulat ang Biblia. Amen! Aleluyah! Nakadarama ako ng pagiging relihiyoso ngayon mismo. Huwag isipin na ako ay isang panatiko. Kung gagawin n’yo. Alam ko. Alam ko kung saan ako naroon. Hindi ako nabibigla. Iya’y tama.

104 Narito ang Katotohanan, ang Salita ng Diyos! Hindi mahalaga sa akin kung anong uri ng panaginip mayroon kayo, o kung anong uri ng hula ang ibinigay ninyo, kung ito’y hindi Salita ng Diyos, ito ay mali kung ito ay ’di umuugma sa Salitang iyan. Iyan ang problema ngayon. Ang isa ay mayroong panaginip, ang isa ay mayroong pangitain, ang isa ay mayroong

wika, ang isa ay mayroong kapahayagan; ginulo nito ang buong bagay at lahat ng bagay, mayroon kayong mga denominasyon at pinaghiwalay ang lahat ng bagay. Dapat ninyo itong ibalik sa isang pinal na saligan, at iyan ay ang Salita ng Diyos. Iya'y totoo.

105 Ang mga iglesya ay naitatag sa isa, sabi, "Oh, si Jesus ay darating na nasa maputing kabayo. Alam ko. Nakita ko Siya sa isang pangitain." Gumawa sila ng iglesya sa ganyang tipo. "Oh, aleluyah! Siya'y darating na nasa isang ulap." Ginawa nila iyon sa ganyang uri. Pinaghiwalay sila, at binahagi, at tawagin ang isa't-isa na "dapuan ng buwitre," at "taguan ng lisa," at lahat ng bagay tulad niyan. Bakit, kapatid, ipinapakita niyan, sa una pa lamang, ang inyong puso ay hindi tama sa Diyos kapag ginawa ninyo iyan. Iya'y tama. Tayo'y magkakapatid. Tayo ay dapat na maging malapit sa isa't-isa. Kailangan natin ang isa't-isa.

106 Ngayon tumingin. Si Saul ay natalikod, at siya ay umakyat. Siya, ang Diyos, ay tumalikod mula sa kaniya. At siya ay nagtungo at siya'y nag-usisa sa mga propeta. Ang mga propeta ay nagtungo at sinubok na manghula, at pinigil ng Diyos, ayaw magbigay ng pangitain. Ang propeta ay lumabas, sabi, "Hindi ko magawa. Hindi. Wala Siyang sinabi sa akin na anoman tungkol sa iyo."

107 Buweno, pagkatapos sabi niya, "Panginoon, bigyan Mo ako ng panaginip." Gabi-gabi, walang panaginip na dumating.

108 Pagkatapos nagpunta siya sa Urim Thummim, at sabi niya, "O Diyos! Sinubukan ko na ang mga propeta, sinubukan ko ang mga panaginip, ngayon tulungan Mo ako. Maaari Mo bang gawin?" Pinigil ito, walang anomang Liwanag na kumislap.

109 Pagkatapos siya ay humantong sa isang mangkukulam, mababa, masama. At nagtungo siya sa kaniya, at gumapang papunta roon at nagbalat kayo mismo. At ang mangkukulam na ito ay lumabas at pinaahon ang espiritu ni Samuel.

110 Ngayon, alam ko kung ano ang iniisiip ninyo. Marami ang nagsabi, "Iyon ay hindi si Samuel." Ngunit sinabi ng Biblia na iyon ay si Samuel, at si Samuel nga. Kakaiba kung papaano ninyo mauunawaan iyan, hindi ba? Ngunit iyon ay si Samuel. Sinabi ng Biblia na iyon nga.

111 At ang mangkukulam na iyon ay magagawang paahunin siya, at pinaahon niya si Samuel. At si Samuel ay nasa kung saan, ngunit nalalaman kung ano ang nangyayari, at nakatayo pa ring suot niya ang balabal ng propeta sa kaniya. Kaya, kapatid, kapag ikaw ay namatay, ika'y hindi patay, ika'y nabubuhay kung saan, sa ibang dako.

112 Hayaan akong huminto sandali, upang ipagpatuloy ang demonolohiyang ito ng kaunti pa. Siya ay isang demonyo, ngunit siya ay may malapit na pakikipag-ugnay sa mundo ng espiritu. Ngayon, sa ngayon, maraming mga espiritista na totoong higit na nakakaalam tungkol sa mundong espirituwal kaysa sa mga tao

na nagpapahayag ng sarili nila na mga Cristiyano, gayon may siya'y isang demonyo. Sa panahon ng Biblia ito ay gayon ding bagay.

113 Nang si Jesus ay narito sa lupa, naroon silang mga propesor at mga iskolar at mga guro, ilan sa pinakamahuhusay na mayroon noon, mula sa mas maiinam na mga seminaryo kaysa sa magagawa natin ngayon. At banal, kilalang tao, kailangang maging gayon sila. Kung ang isang Levita ay nasumpungang, siya ay dapat na masumpungan na walang kapintasan, matuwid sa lahat ng bagay. At gayon man ang taong iyon ay walang nalalaman tungkol sa Diyos kaysa sa isang kuneho na nalalaman ang tungkol sa sapatos na pang-niyebe. Nang si Jesus ay dumating, hindi niya Siya nakilala, at tinawag si Jesus na isang "diablo." Sabi niya, "Siya'y Beelzebub, ang pangulo ng Diablo." Tama ba iyan?

114 At narito lumapit ang pinakamababang uri ng isang demonyo, na iginapos ang isang lalaki roon sa may mga libingan, at lahat ng bagay, at sila ay sumigaw. Ang diablo mismo ay nagsabi, "Nalalaman namin kung Sino Ka. Ikaw ang Anak ng Diyos. Ang Isang Banal." Tama ba iyan? Mga mangkukulam at mga salamangkero, mga diablo, nakilala Siya na Anak ng Diyos; samantalang ang edukado, mga mangangaral na galing sa seminaryong teolohikal ay nakilala Siya na Beelzebub. Alin ang tama, ang diablo o ang mangangaral? Ang diablo. At, kapatid, ito ay hindi gaanong nagbago ngayon. Hindi nila nakikilala ang kapangyarihan ng Diyos.

115 Gaano man karaming aral mayroon kayo, maaari ninyong ulit-ulitin iyan sa inyo. Ang Diyos ay wala sa magagandang mga pananalita. Ang Diyos ay nasa isang tapat na puso. Maaari kayong tumayo dito, magsalita ng magagandang mga pananalita, na tulad ng hindi ko alam, hindi kayo niyan mailalapit sa Diyos. Maaari kayong tumayo at sanayin kung papaano ulitin ang pangaral ninyo at sabihin ang mga bagay na ito, hindi kayo niyan mailalapit sa Diyos. Maaari ninyong matutunan ang diksyunaryo hanggang sa matulog na katabi ang isa, at hindi pa rin nito magagawang mailapit kayo sa Diyos. Isang mapagpakumbaba, pusong mapagpasakop, sa kasimplehan, ang makapaglalapit sa inyo sa Diyos. At iyan ay totoo. Amen. Ang mapagpakumbabang puso, ay iniibig ng Diyos. Ngayon, hindi mahalaga kung hindi ninyo alam ang ABC ninyo, iyan ay walang anomang pagkakaiba. Isang mapagpakumbabang puso lamang! Ang Diyos ay nananahan sa isang mapagpakumbabang puso; hindi sa edukasyon, hindi sa mga paaralan, hindi sa teolohiya, mga seminaryo, hindi sa lahat nitong iba't-ibang mga lugar; hindi sa magagarang mga salita, o hindi sa mga lugar na pangunahin. Ang Diyos ay nananahan sa puso ng tao. At ang mas mababa na maibababa ninyo ang sarili ninyo, ang higit na simple, kayo ay magiging mas dakila

sa paningin ng Diyos.

116 Hayaan akong magbigay sa inyo ng isang bagay. Nakikita ko ang mga bukirin ninyo ay puno ng trigo rito. Ang trigo na punong-puno ay laging yumuyuko. Ang munting sanga na tuwid na tuwid doon, at kumakaway-kaway palibot na akala mo ay nalalaman ang lahat ng bagay, ito'y walang laman sa ulo. Iyan ang gawi ng marami sa mga taong ito na inaakala nilang marami silang alam sa loob ng ulo nila, at walang anoman sa puso nila. O, ang isang banal na ulo ay yuyuko sa Kapangyarihan, kikilalanin si Jesus Cristo bilang ang Anak ng Diyos, at sasampalatayanan ang Kaniyang mga gawa.

117 "At Siya'y gayon pa rin, kahapon." Oh, nakilala nila Siya, totoo, sa isang makasaysayang paraan. Ngunit hindi ito isang bagay na kasaysayan. Ang mga tao ay tatayo at nagsasabing, "Oh, naniniwala ako sa Pentekostes, nang makamtan nila ang dakilang pagbubuhos at mga bagay na tulad niyan," at magpinta ng isang apoy. Ang taong nilalamig ay hindi mapapainit sa isang ipinintang apoy. Ang ipinintang apoy ay hindi nakakapagpainit. Ganyan nga sila noon. Ano kaya ito ngayon, kung Siya'y gayon pa rin kahapon, ngayon at magpakailanman? Iyan ay ipinintang apoy. Isang tao ay nilalamig na halos mamatay, sasabihin, "Tumingin ka sa malaking apoy na iyan na mayroon sila." Bakit, hindi kayo mapapainit niyan.

118 Kung ano ang ginawa nila sa Pentekostes, kung ano ang taglay nila sa naunang Tipan, ay taglay natin ngayon! At kapagka naisaayos ng Diyos ang bagay, at ang Iglesya ay nagkasama-sama, ang Pag-agaw ay darating. Ngunit ni hindi tayo magkaroon ng pananampalataya para sa Banal na pagpapagaling, ang Pag-agaw pa kaya, dahil tayong lahat ay nalihis ng husto, ang isa sa gawing *ito* at ang isa *paganoon*. "At si Doktor na *Ganito-at-ganooon* ay sinabi na Ito ay *ganito*. Buweno, ang mangangaral ay sinabi na Siya ay Ganito."

119 Kanina lamang, isang babae ay nasabi, "Siya'y isa lamang na manghuhuwad." Sabi, "Gayon ang sinabi sa akin ng aking pari." Hangad ko na ang kaniyang pari ay pumarito minsan, titingnan natin kung sino ang manghuhuwad. Oo. Titingnan natin kung sino ang manghuhuwad. Halikayo subukan ito.

120 Dito hindi pa katagalan, sa Harlingen, Texas, kami ay nagkakaroon ng gawain doon. At mayroon silang mga malalaking mga karatula, sa lahat ng mga kotse ng gabing iyon nang ako ay magtungo roon, sinabi na ang FBI ay naroon upang ibunyag ako bilang manghuhuwad. Kaya isang munting batang babae ay napagaling doon sa Texas kung saan. Siya ay mas malayo pa roon sa, at, ako—palagay ko, ng mga isang libong milya, roon sa dako ng Panhandle. At ito ay banda sa dako sa Harlingen, doon sa may hangganan. Lumapit si Kapatid na Baxter, sabi, "Kapatid na Branham," sabi, "wala ka pang

nakitang gayong kaguluhan doon, mga apat o limang libong katao." At sabi, "At pagkatapos, sa buong paligid, ang FBI ay huhulihin ka sa entablado mamayang gabi, at ibubunyag ka."

Sabi ko, "Buweno, totoong nagagalak ako diyan."

121 Sabi, "Alam mo ba 'yung batang babae na gumaling noong isang gabi?"

122 Papauwi ako noon mula sa . . . papunta sa silid ko. Nakarinig ako ng isang bagay na umiiyak, at tumingin sa paligid. Naisip ko siguro mayroong nilusob. Iyon ay isang batang babae. At lumingon ako. Sabi ko . . . At ako ay bumalik, sabi ko, "Anong nangyayari, Madam?" At iyon ay dalawang batang babae na nakatayo roon, mga labing pito, labing walong taong gulang, bawat isa, nakaakbay ang mga kamay nila sa isa't-isa, umiiyak.

123 Sabi, "Kapatid na Branham!" Alam ko na agad na kilala nila ako. Sabi, "Kami, isinama ko siya hanggang dito." Sabi, "Kailangang siyang pumunta sa pagamutan ng baliw." At ang batang babae ay nasa gawain ko roon sa may Lubbock, Texas. At sabi, "alam ko na kung maisasama ko siya rito at maipapanalangin mo siya, naniniwala akong pagagalingin siya ng Diyos."

124 Buweno, naisip ko, "Anong pananampalataya!" At sabi ko, "Buweno, ngayon, kapatid, maisasama mo ba siya . . . " At noon din ay sinabi ko, "Pumarito kayo sakay ng dilaw na pangarerang kotse, hindi ba?"

Sabi, "Oo!"

At sabi ko, "Ang iyong ina ay isang masasakitin."

Sabi niya, "Iya'y tama."

Sabi ko, "Kayo ay kabilang sa iglesyang Metodista."

Sabi niya, "Iya'y talagang katotohanan."

125 At sabi ko, "Sa daan habang papunta rito, kayo ay muntik ng bumaliktad. Ikaw at ang babaeng ito ay nagtatawanan nang kayo ay makarating kung saan ito ay kalahati semento at kalahati ay aspalto, at kayo ay lumiliko."

Sabi niya, "Kapatid na Branham, iyan ay katotohanan!"

Sabi ko, "At, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang babae ay magaling na."

126 Ng sumunod na araw ay pinag-alab niya ang buong kabayanan, sinasabi sa lahat, inililibot ang tungkol dito. Siyempre, hindi nila siya kilala roon, kung siya man ay nasa ganoong kalagayan o hindi. At pagkatapos nang araw na iyon ako . . . Sabi ni Kapatid na Baxter, "Kapatid na Branham," sabi, "Ang mga babaeng iyon ay naroon iniimpake ang kanilang mga maleta." At ito ang isang bagay na hindi niya alam na alam ko. Ang aming mga pinansyal ay bumaba. Hindi hinayaang mangusap siya tungkol doon. Ngunit isa sa mga babaeng iyon

ay naglagay ng siyam na raang dolyares doon sa—doon sa kaloob na iyon ng gabi bago iyan, at inilagay ang pinansyal na iyon sa ibabaw. Ngayon, hindi niya, hindi pa niya alam ito hanggang sa araw na ito, ngunit alam ko iyon. Kita n'yo? Na ako. . .sinabi sa akin ng Diyos na iyon ay magiging maayos.

127 At sabi ni Kapatid na Baxter, "Kapatid na Branham," sabi, "pahintulutan mo akong gumawa ng kaunting paghiling." Sabi, "Mayroon silang ilan sa mga ito na mga Banal na tagapagpagaling dito na humihiling sa mga taong ito."

128 Sabi ko, "Hindi mahalaga. Hindi, ginoo. Hindi mo gagawin iyan. Kapatid na Baxter, kapag ginawa mong humiling para sa pera na tulad niyan, iyan ang panahon na ikaw at ako ay magkamayan sa isa't-isa bilang magkapatid, hahayo akong mag-isa. Kita n'yo? Sabi ko, "Hindi mo gagawin iyan." Sabi ko, "pagmamay-ari ng Diyos ang mga bakahan sa isang libong mga bundok, at lahat ng bagay ay pagmamay-ari Niya. Pag-aari Niya ako. Pangangalagaan Niya ako."

Sabi niya, "O sige."

129 At nang gabi ring iyon sinabi niya, "Kapatid na Branham tumingin ka rito. May taong. . .Tumingin ka rito! Narito ang isang sobre sa loob dito, walang pangalan dito, mayroong siyam na raang de-papel na dolyares sa loob nito. Eksakto lamang sa kailangan nating maabot."

Sabi ko, "Kapatid na Baxter."

Sabi niya, "Patawarin mo ako."

130 Kaya sa gayon ay alam ko na ito'y ang babaeng iyon. Kaya sa gayon—pakatapos ng sumunod na araw, sabi ni Kapatid na Baxter, "Kapatid na Branham, sila'y naroon iniimpake ang kanilang mga damit, umiiyak."

Sabi ko, "Anong nangyari?"

Sabi, "Mas mabuting pumunta ka at tingnan sila."

131 Nagpunta ako roon sa silid na kinaroroonan nila. Sabi ko, "Saang silid sila naroon?" Nagpunta ako roon at kumatok sa pintuan. Narinig ko silang umiiyak. Kumatok ako sa pintuan, at ang babae ay lumapit sa pintuan, sabi niya, "Oh, Kapatid na Branham, ikinalulungkot ko." Sabi niya, "Ako ang nagdulot sa iyo ng lahat ng kaguluhang ito."

Sabi ko, "Kaguluhan? Anong nangyari, kapatid?"

Sabi niya, "Oh, naging dahilan ako para habulin ka ng FBI."

At sabi ko, "Oh, iyan nga ba?"

132 Sabi, "Oo." Sabi, "palagay ko labis akong nakapagpatotoo sa palibot ng kabayanan ngayon, at lahat ng bagay."

Sabi ko, "Hindi."

133 At sabi niya, "Kapatid na Branham, ang FBI ay naroon, naroon, ibubunyag ka mamayang gabi."

134 Sabi ko, "Buweno, kung ako—kung ako'y gumagawa ng anomang bagay na mali, kailangan kong maibunyag. Kita n'yo?" Sabi ko, "Tunay. Kung ang pangangaral ng Ebanghelyo ay kinakailangan na maibunyag, buweno, gawin natin ito. Kita n'yo?" Sabi ko, "ako—ako—ako ay nabubuhay sa Bibliang ito, at kung ano ang hindi sinasabi ng Bibliang ito. . .Ito ang pananggalang ko, narito mismo. Kita n'yo?" At sabi ko, at siya. . .

Sabi niya, "Buweno," sabi, "ikinalulungkot ko lamang na nagawa ko ang ginawa ko."

Sabi ko, "Wala kang nagawang ano man, kapatid."

Sabi niya, "Buweno, hindi ka ba natatakot na pumaroon?"

At sabi ko, "Hindi."

Sabi niya, "Buweno, ang FBI ay naroon."

135 Sabi ko, "Buweno, nagawa kong dumalo sila sa pagtitipon ko noon at sila ay naligtas." Sabi ko, "Si G. Al Ferrar. . . "

136 Si Kapitan Al Ferrar, marami sa inyo ang nakakaalam sa pagkakaligtas niya doon sa Tacoma, Washington, naligtas, doon mismo sa isang galerya ng tudlaan. Dumalo sa pagtitipon, sabi niya, "sinundan ko ang lalaking ito sa loob ng dalawang taon. At narinig ko ang tungkol sa mga pinansyal, at pinagmasdan ko ito, at nagpunta sa lahat ng dako." At sabi, "Ito'y ang Katotohanan, hindi kayo nakikinig sa isang panatiko ngayong gabi, kayo'y nakikinig sa Katotohanan." Sabi, "Isa sa mga lalaki sa puwersa ng pulisya, na isinama ko ang isang doktor para tingnan ang anak niya at pinapunta siya sa hanay ng panalangin," at sabi, "ang bata ay nasabihan ng eksakto lamang sa kung ano ang problema rito, at kung ano ang nangyari dito. At sabi, 'Sa walong araw ito'y babalik sa paaralan, isang kaso ng polyo.'" At sabi, "Sa ika-walong araw ang bata ay bumalik sa paaralan." Sabi, "sinusubaybayan ko siya sa loob ng dalawang taon," sa harap ng sampung libong katao. Naroon lahat. . .Mayroong larawan ito, ang pagtitipon sa Seattle, sa—sa inyong aklat. Sabi niya, "Gusto kong malaman ninyong lahat na kayo ay hindi nakikinig sa isang relihiyosong huwad. Kayo'y nakikinig sa Katotohanan." Si Kapitan Al Ferrar. At nang sumunod na araw naakay ko siya sa Diyos, at natanggap niya ang bautismo ng Espiritu Santo, sa isang galerya ng tudlaan, doon sa malaking lugar doon.

Sabi ko, "Marahil ay ganoon din ang gagawin ng lalaking ito."

Kaya sabi niya, "Takot ka bang magpunta roon?"

137 Sabi ko, "Takot? Bakit, tiyak na hindi. Tiyak na hindi. Bakit ako matatakot samantalang isinugo ako ng Diyos na gawin ito? Siya ang Isa na makikipaglaban sa labanan, hindi ako." Kaya

sabi ko, "Ngayon, nais kong lahat kayo ay 'wag makialam." At kaya . . .

138 Nagpunta kami roon sa pagtitipon ng gabing iyon, ang lugar ay punong-puno. At ang katiwala roon ay lumabas, sabi, "Kagalang-galang na Branham, nangupahan ako ng sampung mga batang Mehikano." Sabi, "Tumingin ka rito, 'Kagalang-galang na Branham ibubunyag ngayong gabi ng FBI, isang panatikong relihiyonista,'" o ibang bagay na tulad niyan. At sabi, "Ito'y nasa bawat isa sa mga kotseng yaon. Alisin . . . " Sabi, "nangupahan ako ng sampung munting mga batang Mehikano, na alisin lahat ang mga iyan at ilagay yaon sa dako rito." Sabi, "Oh, parang pakiramdam ko na kung mahawakan ko ang lalaking iyon!"

139 Sabi ko, "Huwag kang mag-alala, ginoo. Ang Diyos ay hahawakan siya, kita n'yo." Sabi ko, "Pabayaan lamang siya."

140 Kaya siya ay pumaroon. At nang gabing iyon nang kami'y pumasok, hindi ko makalimutan iyon, pumasok sa silid. Ako . . . si Kapatid na Baxter ay umaawit ng *Only Believe*. Sabi niya, "Ngayon, sinasabi ni Kapatid na Branham sa amin na lumabas ng gusali." Sabi, "Ako'y babalik doon sa likurang dulo at maupo." Sabi niya, "Naghahanda silang ibunyag siya ngayong gabi dito sa entablado." Sabi niya, "Nakita ko siya sa maraming mahirap na mga labanan, at nakita ang Diyos na kinuha ang kaniyang lugar." Sabi, "Ako—ako'y babalik lamang para umupo."

141 Umakyat ako. Sabi ko, "Binabasa ko lamang kanina ang isang maliit na artikulo rito na kung saan ako ay ibubunyag ngayong gabi sa entablado rito." Sabi ko, "Gusto kong ang mga ahente ng FBI ngayon na pumarito at ibunyag ako rito sa entablado." Sabi ko, "Ako'y tumatayo rito sa pagtatanggol ng Ebanghelyo; gusto kong lumapit kayo at ibunyag ako." Naghintay ako. Sabi ko, "Siguro ay wala pa sila rito." Alam ko kung nasaan ako. Ipinakita na Niya sa akin doon sa aking silid sa dako roon, kung ano ang mangyayari, bago ako umalis, nakita ninyo. At sinabi ko, sabi ko, "Marahil ay maghintay pa ako ng kaunti. Maaari ba tayong umawit ng isang himno?" At mayroong umakyat at umawit ng isang solo.

142 Sabi ko, "G. ahente ng FBI, ikaw ba ay nasa loob o sa labas? Naghihintay ako para maibunyag. Maaari ka bang lumapit sa harap?" Walang lumapit. Patuloy akong nagtataka kung saan ito naroon. Sinabi sa akin ng Panginoon na kung ano iyon. Iyon ay dalawang nakatalikod na mga mangangaral, at ako—ako ay nagmamasid. Nakakita ako ng isang maitim na anino na nakabitin sa may sulok. Alam ko na kung saan ito naroon. Tumingin ako sa dako roon, at ito ay kumilos paitaas at umakyat doon sa may palko tulad nito. Isang lalaki na may suot na asul na damit, ang isa ay may suot na abuhin.

143 Sabi ko, "Mga kaibigan, walang FBI. Ano ang kinalaman ng FBI sa pangangaral ng Biblia?" Sabi ko, "Tiyak na wala. Hindi sila dalawang ahente ng FBI upang ibunyag ako. Kundi, narito ang pagbubunyag, naroon nakaupo sila mismo sa taas doon, silang dalawang mangangaral doon mismo." At sila ay bumaba. Sabi ko, "Huwag bumaba ng ganyan." At dalawa sa kanila na malalaking taga Texas ay paakyat doon at susunggaban sila. Sabi ko, "Huwag, mga kapatid, ito ay hindi labanan ng laman at dugo, manatili lamang kayo. Pangangalagaan ng Diyos iyan."

144 Sabi ko, "Ngayon, mga kapatid, tumingin kayo, habang kayo'y nariyan sa taas, tumingin sa dakong ito." Sabi ko, "Kung. . . Sinabi ninyo na ako ay si Simon na manggagaway, sa ilalim ng pangkukulam, na iniengkanto ko ang mga tao." Sabi ko, "Kung ako si Simon na manggagaway, kung gayon kayo ang tao ng Diyos. Ngayon bumaba kayo sa entabladong ito. At kung ako nga si Simon na manggagaway, hayaang patayin ako ng Diyos. At kung ako ay propeta ng Diyos, bumaba kayo at hayaang patayin kayo ng Diyos. Ngayon titingnan natin kung sino ang tama at mali. Ngayon bumaba kayo rito. Aawit tayo ng isang himno." Mula sa gusaling iyon sila ay umalis, at hindi na namin sila nakita mula roon. Kita n'yo? Sabi ko, "Halikayo. Kung ako'y si Simon na manggagaway, hayaang patayin ako ng Diyos. At kung ako'y propeta ng Diyos, kung gayon papatayin kayo ng Diyos kapag dumating kayo sa entabladong ito. Kung ako ay katotohanan sa harapan ng Diyos, hahayaan kayo ng Diyos na mamatay sa entabladong ito." Alam nila ang mas mabuti. Iya'y tama. Alam nila ay mas mabuti. Narinig nila mula sa ibang mga lugar. Iya'y tama. Kaya huwag mag-isip kundi ang Diyos ay Diyos pa rin. Siya ay tumutugon.

145 Ngayon, ang mangkukulam na ito ng Endor, pinaahon niya ang espiritu ni Samuel. At si Saul ay nakipag-usap kay Samuel. Ngayon maaaring magtaka kayo kung papaano nangyari iyan. Hindi na ito maaaring mangyari ngayon. Hindi, ginoo. Dahil, ang dugo ng mga toro at mga kambing ay naghihintay lamang para sa panahon ng katuparan. Kapag ang isang tao ay namatay ng mga araw na iyon. . . Mga mangangaral, suportahan ninyo ako kung inaakala ninyong Ito'y tama. Kapag ang isang tao ay namatay, siya ay namatay sa ilalim ng pagtutubos ng isang hayop, at ang kaluluwa niya ay pumaparoon sa Paraiso. At doon ay mananatili siya hanggang sa, sa—sa Araw ng Katubusan. At ang kaniyang kaluluwa ay naroroon.

146 Hayaan ninyong maglagay ako ng isang munting paglalarawan dito. Ilan dito ang nakabasa ng artikulo ko, o ang artikulo na sinulat nila tungkol sa akin sa *Reader's Digest* dito, tungkol noong Oktubre, isyu sa Nobyembre? Mabuti. Napansin ba ninyo kung papaano iyan? Napansin ba ninyo, mga dalawa o tatlong sanglinggo bago iyan, itong dakila't tanyag na medyum dito na nasubukan na ng matagal na panahon, siya, si

Binibining Pepper. Nabasa ba ng sino man iyan, ang artikulo ni Binibining Pepper doon sa *Reader's Digest*? Hindi ba't ito ay nakapagtataka kung papaanong ang dalawang espiritu . . .

147 Gaano pa karaming oras mayroon ako? Kaunti na lamang. Ako'y dalawampu makalipas; magmamadali na lamang ako. Alam ko mayroon kayong. . . Tingnan, pagpasensiyahan ninyo ako sandali.

148 Alam ninyo, mayroong—mayroong huwad. Mayroong isang totoo at isang huwad sa lahat ng bagay. Kung bibigyan ko kayo ng isang dolyar, at sasabihin kong, "Ito ba'y totoong dolyar?" At tititigan ninyo ito, ito ay dapat na magmukhang katulad na katulad ng isang tunay na dolyar o hindi ninyo paniniwalaan ito. Tama ba iyan? Kaya dapat itong maging tunay na isang mabuting paggaya.

149 At kung sinabi ni Jesus na ang dalawang espiritu sa huling mga araw ay magiging magkahawig hanggang sa dayain nito ang pinaka Hirang kung maaari, relihiyosong mga tao. Ngayon alalahanin. Ngayon, walang anumang bagay doon sa kanilang mga luma't mal-. . . por-. . . malamig, pormal. Sa labas mayroon lamang silang anyo ng kabanalan, nakita ninyo. Ngunit ang dalawang espiritung ito, ang tunay na mga espiritu, ay magiging magkahawig na magkahawig hanggang sa dayain nito ang pinaka Hirang, kung paanong sila ay kumikilos na magkatabi sa huling mga araw. Sinabi ba ni Jesus iyan? Sinabi Niya.

150 Ngayon masdan, mga kaibigan, maglalagay ako sa inyo ng isang munting paglalarawan. Gusto kong tumingin kayo rito sandali. At ibigay ninyo sa akin ang buo ninyong pakikinig, dahil bibigyan ko kayo ng isang talinghaga, at pagkatapos ay makikita ninyo ito.

151 Ngayon, doon sa *Reader's Digest*, naisulat doon, ako ay nakatayo roon, mayroon kaming dalawampu't-pitong daang mga taong naghihintay upang mapanalanginan, nakatayo roon. Nabasa ninyo ang artikulo. At isang lalaki ang dumating mula sa Canada, at siya ay mayroong batang lalaki na nadala na roon kay Mayo at kay John Hopkins, isang malubhang karamdaman sa utak na humila sa maliit niyang mga kamay papasok tulad *nito*, at humila sa mga paa nito pataas sa ilalim nito. At sabi nila, "Walang ano mang operasyon o ano mang bagay na maisasagawa."

152 Kaya iniuwi niya ito pabalik sa Canada. Sabi niya, "Hindi pa ako talunan." Kunin ninyo ang isyu ng Nobyembre ng *Reader's Digest*, at ito'y tinawag na ang—ang—*Ang Himala ni Donny Morton*. At—at pagkatapos sinabi na ang, doon, na ang— na sinabi ng lalaki, "Hindi pa ako talunan, dahil kilala ko ang isang tagapagpagaling sa pananampalataya na nagngangalang William Branham, na nagdulot sa dalawa kong mga kaibigan na bingi at pipi upang makapagsalita at makarinig."

153 At sila ay tumawag upang subukang hanapin kung saan ako naroon, sa—sa America pa. At ako'y naroon sa may Costa Mesa, California. At ito'y isang artikulo, kapag binasa ninyo ito, maghanda sa pag-iyak. Ito'y babagbag sa inyong puso. Kung papaano siya dumaan sa mga agos ng niyebe, at lahat ng iba pang mga bagay, kasama ang sanggol na iyon! Sabi niya, "Mag-ingat ka, Donny." Sabi, "Ngayon, tayo'y hindi talunan." At ang maliit na bata ay ni hindi maka-ngiti, halos, siya ay labis na napahirapan. Sabi, "Hindi pa tayo talunan, hihilingin natin sa Diyos. Tayo'y magpupunta sa propeta ng Diyos at hihilingin sa kaniya."

154 Kaya sila ay dumating dumaan sa mga niyebe. At sa wakas sila ay nakarating doon, at ang ina ay kasama nilang darating, at sila ay walang sapat na pera para pumaroon na sakay ng eroplano, kaya pinauwi nila ang ina. At ang bata at ama ay kailangang magpunta na sakay ng isang bus, at kung papaanong naglakbay sila mula pa sa Winnipeg, Canada, papuntang Costa Mesa, California. At dumating sila roon, walang-wala, at ang ama ay nagsaysay tungkol sa kailangang palitan ang munting mga lampin nito, maliit na batang lalaki mga pito o walong taong gulang, sadyang tunay na walang magagawa. At kung papaanong siya ay . . . walang pagkakataong makakain o ano man, at sinabing ang munting anak niya ay naririnig lang siyang magsalita. At masasabi niya sa paraan ng pagtingin ng mga mata niya, na siya ay—siya ay nagsisikap na ngumiti, alam ninyo. At nalalaman na siya . . . Sasabihin niya sa kaniya ang iba't-ibang mga tanawin na nakikita niya, doon sa America.

155 At nang sila ay makarating doon, sa California, sinabi nila sa katulong ng manlalakbay, kung ano ang ipinaroon niya para hanapin. Sabi niya, "Pumarito para hanapin ang Banal na ano?" At isang malaking katanungan.

156 Siyempre, maiisip ninyo kung ano ang sinabi ng America tungkol dito, nakita n'yo. Kita n'yo, iyan ay tayo, kita n'yo, "Tayo ay napakatalino! Alam natin ang lahat ng bagay, alam n'yo, at hindi na kailangan pang sabihan tayo ng anoman. Naisulat na nating lahat." Kita n'yo?

157 Kaya pagkatapos, kaya, "Isang Banal na ano? Nanggaling pa mula sa Winnipeg, Canada?" Aba, inakala nila na iyon ay kakila-kilabot.

158 Gayon pa man, ang pahayagan ay naghanda ng isang— isang kotse at pinadala siya roon. At sabi niya, nang sila ay mapunta sa hanay, kung saan ito naroon, dalawampu't pitong daang mga tao ang naghihintay upang mapanalanginan. Ngunit sabi, nang makita nila iyan na depormado, maliit tingnan na bata, at ang kaawa-awang amang iyon na suot ang kaniyang sumbrero, ang luma niyang damit, sabi lahat ay nagsitabi at ibinigay ang kaniyang lugar. Nang marating ang entablado . . .

159 Ito'y labag sa alituntunin na magpalit ng tarheta ng pananalangin. Mayroong dapat na magpunta sa pagtitipon at kumuha ng sarili nilang tarheta. Kung kayo'y mahuli sa loob ng hanay, nagpapalitan ng mga tarheta ng panalangin sa iba pa, ang tarheta ng panalangin ay ibabale wala. Kita n'yo? Dahil dapat kayong magpunta upang pakinggan ang mga payo at alamin kung papaano ito tanggapin. Ito'y nasa inyo na. Hindi ninyo makukuha ito para sa iba pa. Dapat kayong magpunta kunin ito kayo mismo, para marinig ninyo. Sinabi ng isang malaking tao, "Kung. . .Buweno, hindi ako gaanong naniniwala sa bagay na ganito. Ngunit, marahil kung pagagalingin Niya ako, ako. . . " Nakita ninyo? At pagkatapos iyan ay magdudulot ng pagtatalo sa entablado, kaya isinasaayos nila ang bagay na iyan bago makarating doon.

160 Kaya nang ang bata ay magsimulang, o ang tatay ay magsimulang lumapit sa entablado, nauna sa mga tao, hiningi sa kaniya ni Billy ang tarheta niya ng pananalngin. Wala siya ni isa. Sabi, "Kung gayon ikinalulungkot ko, ginoo." Sabi, "Dapat kayong maghintay."

161 Sabi niya, "O sige." Sabi, "maghihintay ako." Sabi, "Hihintayin ko ang pagkakataon ko tulad ng mga iba, kung gayon." Sabi, "Hindi ko alam na dapat kong gawin ito."

162 At kaya ako ay nakikipag-usap sa iba, nagkataong narinig ko iyon. Nakita ko ang amang iyon na lumayo, at sabi ko, "Ano ang nangyari?"

Sabi niya, "Wala siyang tarheta ng pananalangin."

At Maybagay na nagsabi sa akin, "Pabalikin mo siya."

163 Kaya sabi ko, "Pabalikin siya rito." At ang ama ay umakyat, at ang mga luha ay dumadaloy sa kaniyang mukha, nangangailangan ng ahit. At siya—siya ay umakyat, at narito ang *Reader's Digest* ay sinabi. Kita n'yo? Hindi na ako nagtanong, kundi tumingin mismo sa mukha ng bata, sinabi kung saan nanggaling ang bata, iyon ay nanggaling doon sa Klinika Mayo, at lahat ng tungkol kung ano ang nangyari sa kanya, kung gaano iyon kalubha, at lahat ng bagay.

164 At kaya ang ama ay nagsimulang umiyak, at nagsimulang umalis. At sinabi siya ay nagsimulang bumaba ng entablado, at siya ay lumingon, sabi niya, "Tama iyan, ginoo." Sabi niya, "Ngunit ang anak ko ba ay mabubuhay pa?"

165 Sabi ko, "Hindi ko masasabi iyan." Sabi ko, "Sandali lamang." Nakakita ako ng isang pangitain na lumitaw. Sabi ko, "Hindi mo gustong paniwalaan ito, dahil ang Mayo at Hopkins kapwa ay nagsabi na ang operasyon ay hindi maaaring isagawa sa utak na iyan, ngunit sasabihin ko sa inyo kung ano ang gagawin mo. Ikaw, bukas, humayo ka lang kasama ang batang ito. Sa loob ng susunod na tatlong araw may makakatagpo kang isang babaeng may maitim-na-buhok sa may kalsada, at ang

babaeng iyon ay magtatanong sa iyo kung ano ang nangyari sa batang iyan. At pagkatapos ay sasabihin niya sa iyo ang tungkol sa isang munting pambansang doktor dito na maisasagawa ang operasyon na iyon, at ayaw mong paniwalaan iyon, dahil sa si Mayo ay tinanggihan na ito at sabi, 'Ito'y imposibleng maisagawa.' Ngunit iyan lamang ang tanging pagkakataon na mayroon ang iyong anak, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, ang awa ng Diyos at ang operasyon na iyan. Ngayon, kung pinaniniwalaan mo na ako ay Kaniyang propeta, humayo ka at gawin ang gaya ng sinabi ko sa iyo." Tulad ng paglalagay ng mga igos kay Hesekias, at iba pa.

Sabi niya, siya ay pumihit at sabi, "Salamat sa iyo." Umalis na.

166 Dalawang araw o higit ang lumipas, at siya ay naroon sa kalsada isang araw, at isang babae ang lumapit, sabi, "Anong nangyari sa anak mo?"

167 Sabi, "Ito'y mayroong—sakit sa utak." At siya ay patuloy na nagsasalita tulad niyan. At, buweno, sila—naisip nila na talagang malala iyon, alam n'yo.

168 Kaya sinabi niya sa ilang sandali lamang may bagay na nangyari. Sabi niya, "Ginoo, may kilala ako na makakagawa sa operasyon na iyan."

169 Sabi niya, "Binibini, tingnan mo, tinanggihan ito ng mga magkakapatid na Mayo at sinabi na ito ay hindi maisasagawa." Sabi, "Isang lalaki rito ay nananalangin para dito, nagngangalang Kapatid na Branham." Sabi, "Siya'y nag-alay ng panalangin para sa bata." Sabi niya, "Sandali lamang! Itim-na-buhok, nakasuot ng abuhing amerikanang damit." Sabi, "Iyon siya." Sabi, "Nasaan ang doktor na iyon?" At sinabi niya sa kaniya. Isinama siya roon at ang doktor ay isinagawa ang operasyon, ang bata ay gumaling.

170 Ngayon, iyan ay lumabas sa pamamagitan ng *Reader's Digest*, nakita ninyo. At ang Magkapatid na Mayo ay tinawag ako sa isang panayam para roon. Sabi, "Kagalang-galang na Branham, anong ginawa mo sa bata?"

171 Sabi ko, "Wala. Hindi ko hinipo iyon. Sinabi ko lamang kung ano ang sinabi ng Diyos sa akin para sabihin. Sinunod ng lalaking iyon."

172 Ngayon, ang nakakatuwang bagay tungkol dito, mga dalawang sanglinggo pagkatapos noon, o dalawang sanglinggo bago iyon, o tatlo, doon sa *Reader's Digest*, marahil nauna ng isang buwan, ang artikulo ni Binibining Pepper ay lumabas. Ngayon, siya'y isang tunay na mangkukulam, o isang medyum. Ngayon, mayroong isang tunay, at mayroong iba na gumagaya. Kasama na nila ang babaeng iyon mula pa noong 1897. Mahigit siyang isang daang taong gulang ngayon, doon sa New York, kapwa . . . kasing bingi ng poste. Ang *Reader's Digest*, kunin . . .

palagay ko ito ay lumabas ng mga dalawang buwan o isang buwan bago ang sa akin; at makikita ninyo ito, sa simula ng taglagas. Dala iyon ni G. Baxter noong isang araw. Kung naisip ko ito, sinabi ko sana sa kaniya . . . o nalalaman ko na sasabihin ko ito, ako—dinala ko sana ito. Maaari ko itong kunin para sa inyo. At ito'y mayroong mga labing dalawa o labing-apat na pahina. Siya ay isang pangkaraniwang maybahay lang. At nawalan siya ng malay isang araw, habang nasa paghihirap, at nagsimula siyang makipag-usap sa patay. At nakasama nila ang babaeng iyan sa buong mundo, sa lahat ng dako. Dinala nila siya sa England. Pinapalitan ang mga damit niya, ng maraming beses, at tingnan kung mayroong mga itinatago at mga bagay, at nakarating doon at may pinagpanggap na mayroong maskara sa mukha, isang Griyego, at nagpanggap na para bang siya ay isang lalaking taga-Englatera. At sinabi niya kaniya ang lahat tungkol dito. At siya—siya—gusto niyang tawagin ang isa sa mga namatay niyang kapareha.

173 Ngayon, ang tanging bagay siya . . . Sa buong mundo, at narito ang *Reader's Digest* ay sinabi roon, dito ilang gabi na ang nakaraan, o ilang buwan pa lang ang nakakaraan, ang isa sa mga bagay na iyon ay nabunyag. Isa sana ang babalik ng mala-multong kamay ng kaniyang ina, at ng sumuod na araw napatunayan iyon doon sa korte ng pulisya na hinalikan lamang niya ang isang piraso ng sapin ng keso. Maraming mga tao ay ginagaya ang isang medyum! Sila'y ang mga munting mambabasa lamang na nakaupo sa gilid ng kalsada, na hindi naman mga medyum sa simula pa. Sila'y walang iba kundi mga huwad na manggagaya. Ngunit mayroong isang tunay na medyum.

174 At tayong mga taong relihiyoso, mayroon tayong maraming mga manggagaya sa magkabilang panig. Ngayon manatili lamang ng ilang sandali.

175 Ngayon pansinin, ang Binibining Pepper na iyan ay isang tunay na medyum. At sinabi ng magasin, "Narito ang isang bagay na maaaring matiyak, na, kapag ang isang tao ay namatay, siya ay hindi patay. Siya'y nabubuhay kung saan, dahil ang babaeng iyan ay tinatawag ang espiritu nila pabalik at nakikipag-usap sa mga tao."

176 "Ngayon, ano'ng ginagawa niya, Kapatid na Branham? Pinaniniwalaan mo ba iyon?" Oo, ginoo. Sinabi ng Biblia ang gayon, iyan ang dahilan kung bakit ko pinaniniwalaan ito. At siya ay sa Diablo. Ang espirituwalismo ay pakana ng Diablo. Ngayon pansinin, ngayon masdan silang dalawa.

177 At sa gayon nakita ninyo sana ang mga sulat na dumating sa akin, pagkatapos, nang sinundan ng artikulo ko ang sa kaniya. Hindi ba't ito'y nakapagtataka na, bago pa lamang ang huling panahon, ipinangusap na ng Diyos ang mga bagay na ito? At

ang *Reader's Digest* ay naipahayag sa bawat pananalita sa silong ng langit. Kita n'yo? Pansinin, hindi ba't nakapagtataka ito sinusundan nila ang bawat isa?

178 Ngayon narito dumating ang mga sulat, sabi, "Kapatid na Branham, pinatutunayan niyan na ikaw ay walang iba kundi isang medyum." Sabi, "Pinatutunayan niyan. Tumingin dito, sinabi mo sa babaeng iyon kung saan niya makikita . . . Tingnan ang babaeng *ito*?"

179 Sabi ko, "Sandali lang." Mayroon akong isang opisyal na sulat, (pagpaumanhinan ako) upang ipadala sa mga tao. Sabi ko, "Napaka-kaunti ng nalalaman—ninyong mga mangangaral." Sabi ko, "Sa halip na bautismuhan ang katawan ninyo, kailangan ninyong mabautismuhan ang inyong mga utak." Iya'y tama. "Hindi kayo tumitigil upang pag-isipan ang mga bagay. Hindi ninyo ito binibigyan ng pag-aaral."

180 Ganyan din ang paraan nila sa ibang mga araw. Nakita nila si Jesus. Alam nila na magagawa Niya. Nalalaman Niya ang mga lihim ng kanilang puso. Nalalaman Niya kung bakit sila gumagawa ng gayon. At sabi nila, "Siya ang pangulo ng mga diablo. Siya ang Beelzebub, ang pinakamagaling na manghuhula sa buong mundo." Hindi sila tumigil upang subukang pag-isipan ito, upang makita na iyan ang Anak ng Diyos. Sila ay hindi lubos na espirituwal upang malaman ito. Iyan nga, binabasa nilang paulit-ulit ang bagay. Totoo, si Jesus ay dapat na pumaroon sa Jerusalem, nakasakay sa isang mola, at iba pa, ngunit tumitingin sila sa Ikalawang pagdating.

181 At gayon ding bagay ngayon! Tumitingin sila sa ibabaw ng tunay na bagay. Aleluyah! Iya'y tama. Alam ko na ang naririto ang Diyos, ngayong hapon, at alam kong nakukuha ko ang marami sa oras n'yo, ngunit kailangang makita ninyo ito, kaibigan. Kung hindi ko na kayo makikita pang muli, kailangang malaman ninyo kung ano ang mga demonyo, kailangang malaman ninyo kung ano ang Katotohanan at kamalian. At ito'y magkahawig na magkahawig, dapat paghiwalayin ninyo ang bagay.

182 Ngayon alalahanin, ito ay hindi mapapasa-dako roon, isang bagay na narito sa panig na *ito* ng Fariseo, o bagay na naroon sa panig na *iyan*. Ito'y narito mismo sa may pintuan, katabi mismo nito. Bantayan ito. Ngayon kung kukunin ko . . .

183 Kunin ang dalawang mga kasong iyan. Kung kukuha ako at ibigay sa inyo ang dolyar, ngayon, kung bibigyan ko kayo ng isang huwad na dolyar. Gagamit tayo ng isang talinghaga para makita ninyo ito. Ang unang bagay na gagawin ninyo, kung kayo'y matalinong tao, kung kayo'y dumampot ng isang dolyar at tumingin dito, ang unang bagay, pakikiramdaman ninyo ito at tingnan kung saan ito ginawa. Tama ba iyan? Titingnan ninyo kung saan ito gawa. Titingnan ninyo ang kahalagahan nito. Ang

isang tunay na dolyar ay hindi gawa sa papel, bahagi nito ay papel at seda, nakita ninyo. At ang unang bagay, kailangang tingnan ninyo ang halaga nito. Iyan ang unang indikasyon.

184 At ngayon dalhin natin siya dito sa panig na *ito*; at dalhin ang Panginoon dito sa panig na *ito* na nakikipag-ugnay sa atin.

185 Ngayon tingnan, ang unang bagay na kailangan ninyong pansinin, lahat ng bagay . . . Masdan ang artikulo ninyo. Sa loob ng halos-limampung taon ng panghuhula niya, at pinaaahon ang mga espiritu ng mga patay, hindi niya binanggit ni minsan ang Diyos, si Cristo, Banal na pagpapagaling, pagpapalaya, paghuhukom, o anomang bagay. Walang ano mang bagay kundi kasayahan at kalokohan doon.

186 Ngunit dito sa panig na *ito*, ito'y patuloy na Diyos, Paghuhukom, Pagparito ni Jesus, Banal na pagpapagaling, kapangyarihan ng Diyos, pagpapalaya. Tingnan ninyo ang halaga nito. Wala kayong makikitang mga manghuhula at mga mangkukulam na ipinapangaral ang Ebanghelyo. Anong nangyayari sa mga tao? Naku! Pansinin!

187 At ang tunay na bagay para gawin, kung gusto ninyong makita kung ito nga ay ang tunay na dolyar o hindi, kung ito'y kahawig na kahawig nito, kunin ang mga bilang nito at ipadala ito pabalik sa pagawaan ng salapi. At kung mayroong mga bilang doon na umuugma diyan, mayroong isang pilak na dolyar na naghihintay para dito. Tama ba iyan?

188 Buweno, kung gayon, kapatid, kunin ang ginawa niya at dalhin ito sa Biblia, makikita ninyo na iyon ay ang mangkukulam ng En-dor.

189 At kunin ninyo kung ano ang narito, makikita ninyo roon, ito'y nasa Aklat dito sa Pagawaan ng salapi, "si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailan man." Tiyak, ang gayun ding gawa Niya! Hindi Siya pumaroon at nakipaglokohan at naging walang kabuluhan sa mga tao. Ito ay para sa isang kabutihan, upang tulungan ang iba, upang akayin sila sa Diyos. Amen! Hindi ko "ina-amenan" ang sarili ko, ngunit ang *amen* ay nangangahulugang "siya nawa." At ako'y . . . pinaniniwalaan ko Ito. Alam ko na Ito'y Katotohanan.

190 Ngayon pansinin, narito kayo. Ngayon, kaagad ngayon, dahil ayaw kong panatilihin kayo ng matagal.

191 Narito, magbigay tayo ng kaunting paglalarawan dito, isang munting pangkaisipang paglalarawan. Narito ang isang daloy dito mismo, papunta mismo rito sa gawing *ito*, dumadaloy mula sa buhay. Ngayon masdan. Ito'y isang daluyan. Ibigay n'yo sa akin ang buong atensiyon ninyo ngayon, para hindi ninyo mapalagpas ito. Pababa mismo ng tulad *nito*. Ngayon, sa loob ng munting daluyang ito rito ay nananahan ang mga mortal na tao, kayo at ako. Ngayon, doon, tingnan natin kung ano ito. Ito'y isang karamihan ng kalokohan at lahat ng iba pang bagay,

ngunit paminsan-minsan makakakita kayo ng isang liwanag. Makikita ninyo ang kadiliman at mga lansangan, na artipisyal at kaululan, ang mga diablo ay sumasa mga tao. Oh, maayos silang manamit, naku, at napakataas ang pinag-aralan na gaya ng magagawa nila, magagaling na mga iskolar, ngunit Diablo pa rin. Ngunit mayroong ipinanganak na muli na nakaupo roon.

192 Ngayon, ang mga taong ito sa channel na ito ay naimpluwensiyahan mula sa dalawang magkaibang panig. Ngayon, sa panig na ito papunta sa gawing *ito,* mayoong isang trinidad. At sa panig na ito papunta sa gawing *ito,* mayoong isang trinidad.

193 Ngayon, kapag, ngayon ang unang dako, sa panig na *ito*, ay mga kaluluwa ng *'di-matuwid*, kapag ang isang tao ay namatay paroroon siya sa isang lugar na naghihintay ng paghatol. Si Jesus ay nagpunta at nangaral sa kanila na mga kaluluwa na nasa piitan doon. Ang sumunod ay mga demonyo. Ang sumunod ay ang Diablo at impiyerno. Pataas, ang una, ngayon, silang mga naroon ay mga espiritu, mga espiritu ng patay na mga tao na hindi nagsipagsisi. Sila'y naghihintay para sa Paghuhukom. Ang tanging bagay na alam nila ay kalokohan at ang ginawa nila.

194 Ngayon, sa taas dito, ang mga Cristiyanong ito ay nahikayat mula sa Itaas. Ito ay isang talinghaga. Sa dako rito ay ibang Espiritu, ang Espiritu Santo, ang Espiritu ng isang Lalaki, si Cristo Jesus. Ang Espiritu Santo, ang Espiritu Santo ay hinihikayat ang Kaniyang Iglesya sa lugar na ito ng mortal.

195 Ang Diablo, sa pamamagitan ng mga espiritung *ito* ay hinihikayat ang tao. Ngayon, tingnan, ang sumunod ay mga Anghel. Ang sumunod ay Diyos. Ngayon, bawat mortal dito ay nahikayat ng isa sa mga mundong ito. Nakikita ninyo ang ibig kong sabihin?

196 Ngayon ano ang ginawa ng babaeng iyon, siya ay nakapasok sa lugar na iyan. At siya ay nakikipag-usap sa mga taong iyon na nilukuban ng demonyo na mga, sa pasimula, ang mga espiritu ng mga anghel na iyon na nahulog na hindi nagsipagsisi roon sa pasimula, at pinahintulutan na ang kanilang pagkatao ay lukuban nila. At naghihintay sila para sa paghuhukom.

197 At ang mga *ito* dito ay nahikayat at ipinanganak muli ng Espiritu ng Diyos. At ang Diablo mayroon siyang mga propeta, at ang Diyos ay mayroon din Siya. Nakita n'yo ang ibig kong sabihin? Ito'y panghikayat, at pumunta tayo roon. Huminto para paghiwalayin ito. Si Jesus, nang Siya ay narito sa lupa . . .

198 Ngayon, sa araw na ito, hindi siya maaaring makapasok sa lugar na iyan at kumuha ng isang matuwid na tao mula sa lugar na iyan. Hindi niya magagawa ito, dahil ang mga matuwid na mga tao ay wala na roon kung saan sila dati, sa Paraiso. Hindi, ginoo. Paraiso ay inilipat na, nang kunin ito ng Dugo ni Jesus. Tumingin dito. Naku!

199 Kung maiisip ko lamang na kung papaano na si Jesus, nang Siya ay namatay, siya ay pumaroon at nangaral sa mga kaluluwang nasa piitan. Siya ay namatay, isang makasalanan, na walang kasalanan, gayon man ang kasalanan natin ay nasa Kaniya. At ang Diyos, dahil sa Kaniyang mga kasalanan, ay isinugo Siya sa impiyerno. Sabi ng Biblia, "Siya ay pumaroon at nangaral sa mga kaluluwa."

200 Sinasabi ng ilang mga tao, "Kapatid na Branham, hindi ko maunawaan iyan." Sabi, "Si Jesus ay nagbangon sa ikatlong araw. Namatay Siya ng Biyernes ng hapon at nagbangon ng Linggo ng umaga, aba, Siya ay namatay lamang ng isang araw."

201 Sabi niya, "Sa loob niyaong panahon," sapagkat mayroon Siyang isang Kasulatan sa Biblia, na mapapanindigan Niya. Sapagka't, si David, ang tao na natalikod makaraan, ngunit siya ay ligtas, ngunit isang propeta sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, sabi, "Hindi ko iiwan ang kaluluwa Niya sa impiyerno, ni hahayaan Ko ang Aking Banal na makakita ng kabulukan." At alam niya, tatlong araw at gabi, na ang katawan na iyon ay mabubulok. At sinabi na ng Diyos sa propeta, "Hindi Niya makikita ang kabulukan." [Blankong bahagi sa teyp—Pat.]

Aleluyah! Kinuha Niya ang Salita ng Diyos. Dinaig Niya si Satanas sa bawat pagkakataon, Nito. Dinaig Niya ang kamatayan, sa Salita ng Diyos. Aleluyah! Dinaig Niya ang kamatayan. At nang patayin nila Siya, at Siya ay namatay, isang makasalanan, ang mga kasalanan ko at mga kasalanan ninyo ay napataw sa Kaniya, Siya ay bumaba, nakikita ko Siyang kumatok sa may pintuan doon.

At silang mga kaluluwa ay lumabas at nagsabi, "Buweno, Sino Ka?"

202 Sabi Niya, "Bakit hindi kayo nakinig kay Enoch? Bakit hindi kayo nakinig sa iba pang mga propeta na nangaral?" Sila ay hinatulan. "Ako ang Anak ng Diyos na minsang nabuhay. Ako. . .Ang Aking Dugo ay nabubo. Naparito Ako upang sabihin sa inyo, na tinupad Ko ang sinabi ng mga propeta na gagawin ko." Nagpatuloy nilampasan ang mga demonyo, patungo sa impiyerno, kinukuha ang mga susi ng kamatayan at impiyerno mula sa Diablo, isinabit sila sa Kaniyang tagiliran, nagsimulang umakyat. Aleluyah!

203 Maagang maaga sa kinaumagahan. Aleluyah! Gumawa tayo ng isang munting paglalarawan dito. Maagang maaga sa kinaumagahan, mayroong iba pang grupo na nalalagay sa dako rito sa Paraiso. Wala na sila roon ngayon.

204 Ngayon, kayong malaking Katolikong mga kaibigan na naniniwala sa pamamagitan ng mga santo. Kung nakikipag-usap kayo sa isang santo sa simbahan ninyo, ang taong iyan ay makasalanan, siya'y nasa impiyerno, o—o naghihintay doon para sa kahatulan niya. At kung siya ay isang banal, siya'y

nasa kaluwalhatian ng Diyos at hindi makakabalik. Iya'y tama. Mapapatunayan ko iyan. Ang dugo ng mga toro ay hindi makapag-aalis ng kasalanan, ngunit ang Dugo ni Jesus ay inalis ang mga kasalanan.

205 Nakikita ko si Jesus na pumaitaas doon kung saan, ang Paraiso, naroon ang matandang si Abraham, si Isaac at Jacob, at sila na naroon, si Samuel at lahat ng iba pa sa kanila roon. Naririnig ko Siya na kumatok sa may pintuan. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng anim na beses—Pat.] Amen! Oh, gusto ko ito. Sadyang ako ay nagiging... nakakadama ng pagka-relihiyoso ngayon. Nakikita ko Siya sa dako roon. Naririnig ko Siya na tumitingin na nagsasabing, "Sino ang nariyan? Sino Ito na naririyan? Sabi Niya, "ako, ito ay si Abraham na nagsasalita. Sino ito?"

206 "Ako ang Binhi ni Abraham." Amen. Nakita ko si Abraham na lumapit sa pintuan, binuksan ang pintuan. Sabi Niya, "Ako'y ang Binhi ni Abraham."

Sabi ni Daniel, "Tumingin doon! Hayun ang Bato na nakita kong natapyas mula sa bundok."

207 Naririnig ko si Ezekiel na nagsasabing, "Hayun Siya! Nakita ko na Siya, tulad sa alikabok sa ilalim ng Kaniyang mga paa, ang mga alapaap ay kumikilos, nang ang mga lalaking tupa... ipinalakpak ang kanilang mga kamay, ang mga dahon, at lahat sila ay nagsigawan." Oh, nakikita ko ang mga iba pa roon sa Paraiso, naghihintay sa Kaniya.

208 Naririnig ko Siya na nagsasabing, "Halikayo! Magbubukang-liwayway doon sa may Jerusalem. Kailangan nating lumabas dito. Tayo'y aakyat, dahil nagtiwala kayo sa dugo ng mga toro at mga kambing, naghihintay para sa panahon ng Aking Dugo. Ngunit ang Aking Dugo ay nabubo roon sa Kalbaryo. Ako ang nagkatawang tao na Anak ng Diyos. Lahat ng utang sa kasalanan ay bayad na. Tayo'y nasa ating daan palabas!" Aleluyah! Luwalhati sa Diyos!

209 Nakikita ko si Abraham na hinablot si Sarah sa may braso, at narito sila, lumabas! Sa Mateo 27, nang siya ay lumabas, naririnig ko silang huminto sandali sa paligid doon ng Jerusalem. At ang unang bagay alam n'yo, nakikita ko si Caiapas at sila na nakatayo roon sa kalsada, sinasabi, "Sinasabi nila sa akin na ang lalaking iyon ay nagbangon. Sasabihin, sino ang batang lalaking iyon na nagpupunta roon, ang batang lalaki na iyon, ang batang babae na iyon?"

210 Hindi na matanda; iyun ay si Abraham at Sarah. At sila ay nawala. Tumingin sila, "Mayroong nagmamasid sa atin." Sila ay maaaring maglaho tulad lamang nang Siya ay tumagos sa pader, gayon ding uri ng katawan. Aleluyah! Tama. Narito ang lahat ng mga propeta at sila, naglalakad sa paligid, tumitingin sa paligid ng siyudad.

211 At si Jesus ay pinangunahan sila pataas, o pataas lampas ng mga bituin, buwan, mga ulap, at dinalang bihag ang pagkabihag, ibinigay ang mga kaloob sa mga kalalakihan. Si Jesus ay nakaupo ngayon sa kanang kamay ng Ama, umakyat doon, umupo, hanggang sa ang mga kaaway Niya ay maging tungtungan Niya.

212 At ngayon, mahal kong kaibigan na Cristiyano, ang mga demonyo ay kumikilos sa lahat ng dako. At ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos, sa kabilang dako, upang katagpuin ito sa bawat pagkakataon. Aleluyah! Hayan kayo. Ang mga pahayagan at mga digest at lahat ng bagay ay ipinahahayag ito. Minamasdan nila ito. Hindi nila makita kung ano ito. Ano ito? Ito'y paunang-babala ng dakilang huling pagtutuos na malapit nang dumating, sa pagitan ng Diyos at Diablo. Dumako sa panig ng Diyos at maging tama sa inyong puso. Amen.

213 Dito hindi pa katagalan ako ay nasa Toledo, Ohio, nagkakaroon ng pagtitipon. Ako'y magtatapos na.

214 Nakita ninyo ang ibig kong sabihin tungkol sa mga demonyo? Sila ay kumikilos. Sila ay napaka relihiyoso, sadyang kasing relihiyoso! Oh, nagpupunta sila sa simbahan tuwing Linggo, inuulit ang Kredo ng mga Apostol, at inaawit ang Doksolohiya. Oh, naku, kasing relihiyoso lamang na gaya ng magagawa nila!

"Kapatid na Branham, ibig mong sabihin iyan ay Katotohanan?"

215 Iyan ang uri ng espiritu na nagbayubay kay Jesus Cristo sa krus. At sabi ni Jesus, "Kayo'y mula sa inyong ama, ang Diablo."

216 Ngayon ilan sa kanila ay nagsabi, "Oh, ang Russia ang siyang anticristo." Hindi kailanman! Ang Russia ay hindi ang anticristo. Ang anticristo ay magiging napaka-relihiyoso dadayain nito ang pinaka-Hirang kung maaari.

Alalahanin, kinukuha ng Diyos ang Kaniyang tao, ngunit hindi ang Kaniyang Espiritu. Kinukuha ng Diablo ang kaniyang tao, ngunit hindi ang kaniyang espiritu. Ngayon, hayun sila. Ipalagay ninyo ang inyong sarili. Ako'y mananagot lamang para sa Katotohanan.

217 Ang mga demonyo, kumikilos! Kahapon, ipinaliwanag ko sila sa pisikal na kalalagayan. Ngayon, ipinapakita ko sa inyo sa espirituwal na kalagayan, kung saan sila ay nasa relihiyosong kalalagayan. Kung saan sila ay naroon, tinawag na kanser, at tinawag nilang *ganito*, *ganiyan*, at ang *iba*, ngunit pinatunayan ko sa inyo, sa pamamagitan ng Biblia, sila ay mga diablo. Ngayon, sa dako rito, ngayon, narito sila uli sa relihiyosong kalalagayan, napaka-relihiyoso, napaka-pormal.

218 Kung magsisimula ka, kapatid, at pag-isipan. Si Cain, ang pinaka-pasimula nito, ay napaka-relihiyosong tao. Si Esau ay napaka-relihiyosong tao. Si Judas ay napaka-relihiyosong tao.

Ito'y relihiyon. Ito ay hindi ang mundo ng nasa labas. Ito'y nasa mga hanay. Pagmasdan iyan, demonolohiya! Marahil kaunti pa sa susunod, minsan, maipapaliwanag ko ito ng medyo higit pa. Tayo'y nagtatagal.

219 Huwag hatulan ang sino man. Ibigin ang lahat. Kung hindi kayo umiibig mula sa puso ninyo, kung gayon si Cristo ay wala sa inyo.

220 Sa Toledo, Ohio, nagpunta ako sa isang restawran. Ako ay madalas kumain sa isang lugar, isang maliit na lugar ng Dunkard, napakagandang maliit na lugar. Sila ay napakabait. Nang hapong iyon sila ay nagsara na, upang magtungo sa Lingguhang pag-aaral. At nang magpunta sila, kailangan akong tumawid ng kalsada, sa isang maliit na makamundong lugar, at ako ay pumasok doon. At alam ko na ilegal ang magsugal doon sa Ohio. At narito nakatayo ang isang Pulisyang Pambansa na ang kamay niya ay nakayakap sa isang babae, ang kamay niya ay nakayakap dito sa sinapupunan niya, naglalaro ng slot machine. Ang batas ng bayan at bansa, ay nawala. Kaawa-awa!

221 Nagtitiwala ako kay Cristo ang matibay na Bato, tumatayo ako, lahat ng ibang saligan ay gumuguhong buhangin. Wala nang anomang natitira. Tama iyan.

222 Lumingon ako roon, at naroon ang isang magandang batang babae, marahil ay nasa kadalagahan niya, labing-siyam, labing-walo, labing-siyam na taong gulang. At kung ano ang ginagawa nila, silang mga kabataan sa dako roon sa palibot ng mesa, ay nakakakilabot. Umupo ako roon. At ngayon sa pagkabigla ko, nakaupo sa banda kung saan ang isang babae ay lumapit, sabi, "Gusto mo bang umupo?"

Sabi ko, "Salamat. Gusto ko ng almusal."

223 At nakaupo sa isang bangko, narito ang isang matandang babae, kasing tanda ng nanay ko, limampu't lima, limampu't walong taong gulang. Nakasuot siya ng ternong iyon ng mga damit na malaswa na isinusuot nila.

224 Sinasabi nila na ito ay presko. Sinasabi ng siyensiya, "Kayo'y baliw." Talaga, hindi. Gusto lamang ninyong ipakita ang sarili ninyo na hubad. Ito'y kahihiyan, isang mahalay. Ang isang binibini ay hindi isusuot ang mga iyon. Ang isang babae marahil, ngunit hindi ng isang binibini.

225 At pagkatapos, kaya sa gayon sila . . . naroon siya, nakaupo roon. Ang kawawa niyang laman ay lumalaylay. Mayroon siya ng gayong uri ng isang mukhang-orkidya na manikyur, maging ano man ang tawag ninyo diyan, sa mga labi niya. At isang napakaikling gupit na tulad sa isang lalaki, na nakatayong gusot lahat; ang sabi ng Biblia, na isang mahalay. At ang isang babae, na ang isang lalaki . . .

226 Sinasabi ng Biblia, kung ang isang babae ay putulin ang buhok niya, ang lalaki ay may karapatan na ihiwalay siya, dahil siya'y hindi tapat sa kaniya. Dapat tayong pumarito at ipangaral ang Biblia rito sa mga araw na ito. Sabi, "Kung paiiksiin niya ang buhok niya, ay winawalang galang niya ang asawa niyang lalaki." Kung siya ay walang galang, siya ay dapat na ihiwalay. Hindi ka maaaring mag-asawa ng iba, ngunit maaari mo siyang ihiwalay. Whew! Naku, iyan, iyan ay mabigat, nararamdaman ko. Ngunit iyan ang Katotohanan.

227 Oh, dati-rati, tayo ay nasa mga dako ng Espiritu Santo, ngunit naging pabaya tayo. Ang matandang kapatid madalas na sabihin, "Naging pabaya tayo, ibinaba natin ang mga baras, tayo ay nakipagsundo sa kasalanan. Naging pabaya tayo, ang tupa ay lumabas, ngunit papaanong nakapasok ang mga kambing?" Naging pabaya tayo. Iyan ang problema. Naging pabaya tayo, ang sanglibutan at ang iglesya ay nagsama-sama. Tulad lamang ng mga Moabita at iba pa, at Balaam, at kung papaanong siya ay nakipag-asawa sa kalagitnaan nila, iyan ay kagayang-kagaya lamang ng gayong bagay ngayon. Ang iglesya ay lubos na narumihan, at ang kapanahunan ng Pentekostal ay ang kapanahunan ng Laodicea, na naging malahininga, at isinuka mula sa bibig ng Diyos. At mula sa buong grupo, ang Diyos ay tinatawag ang Kaniyang nalabi, dadalhin Siyang Pauwi, iya'y talagang tama, eksakto, sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli.

228 At naroon siya, nakaupo roon, may kulay ang labi buong mukha, at iyon ay nagkalat ng tulad niyan. At mayroon siya nitong itim na bagay sa mga mata niya, at siya ay pinagpapawisan, ito ay pumapatak. At ang kawawang matanda ay maaaring mayroong kaapu-apuhan. At siya ay nakaupo roong may kasamang dalawang matandang lalaki, at isa sa kanila ay mayroong isang malaking lumang panyo sa kaniyang leeg, at iyon ay Hunyo, nakaupo roon. At siya ay tumayo, at para bang umiinom, at siya ay umiinom, din. At siya ay lumingon-lingon sa paligid.

229 Naisip ko, "O Diyos! Diyos, bakit, hindi Mo na lang alisin ang bagay mula sa mapa? Bakit hindi Mo gawin? Ang akin bang munting Sharon . . . Ang munti kong anak, ang munti kong Sarah at ang munti kong Rebekah ay kailangang mapalaki sa henerasyon na iyan, upang harapin ang gayong bagay na gaya niyan?" Naisip ko, "Tumingin dito sa mga parke na ito at mga bagay, at kung ano ang nangyayari." Naisip ko, "O Diyos! Oh, nagagalak ako na kinuha Mo si Sharon kung iyon ay kalooban Mo. Ang munti ko bang Rebekah at munti— munting Sarah ay kailangang mapalaki sa ilalim ng gayong bagay na gaya niyan?" Na, at silang mga tao ay tinatawag silang . . . umaawit sa koro at lahat ng bagay. At naisip ko, "Hindi ba't iyan ay kahiya-hiya?" Naisip ko, "Diyos, papaanong ang Iyong Banal na katuwiran ay

matitiis iyan? Para bang ang Iyong matuwid na pagkagalit ay sasabog doon at—at pasabugin ang lugar na ito."

230 At narinig ko ang Anghel ng Panginoon, sabi, "Tumabi ka." Lumakad ako banda roon. At nang Siya ay makatapos sa akin, naramdaman kong para akong kakaibang tao. "Para sa ano at hinuhusgahan mo siya?"

Sabi ko, "Tingnan iyan, ang ayos niya." At heto ang Kaniyang. . .

231 Nakakita ako ng isang pangitain. Nakakita ako ng isang mundo tulad *nito*, bilog, isang mundo. Ngunit ang mundong ito *rito*, ay mayroong bahaghari sa palibot nito, at iyon ay ang Dugo ni Cristo na pumipigil sa galit ng Diyos. Hindi Siya makatingin diyan, Kaniyang—Kaniyang sisirain ang bagay ngayon din mismo, dahil sabi Niya, "Sa araw na kumain ka niyon, sa araw na iyan ikaw ay mamamatay." Kaya gagawin Niya iyon.

232 Pagkatapos ay ganito ang naisip ko. Nakita ko ang sarili ko. Bagama't hindi ko ginawa iyan, ngunit ako'y isang makasalanan, kahit papaano. At pagkatapos ang Dugo ni Jesus Cristo ay tumatayong parang pananggalang para sa atin. Kita n'yo? Na, kapag ako ay nagkasala, ang mga kasalanan ko ay tatamaan Siya at yanigin ang Kaniyang pinakatangi-tanging ulo, at makikita ang mga luha at Dugo na dumadaloy. "Patawarin Mo siya, Ama, hindi niya nalalaman kung ano ang ginagawa niya." At gagawa pa ako ng ibang bagay at tatamaan Ito. "Patawarin Mo siya, Ama."

233 Kung sakaling nakalampas sa Kaniya ito, ako ay napahamak na sana. At kung hindi ko tinanggap ang Kaniyang biyaya, at sa araw na ang kaluluwa ko ay maglakbay ng lampas diyan, ako'y nahatulan na. Tinanggihan ko. Walang bagay na natitira pa kundi kahatulan. Nahatulan, ako'y nahatulan na. Sabi ng Diyos, "Sa araw na kumain ka niyaon, sa araw na yaon patay ka." Kayo'y nahatulan ng tama. Ito ay luklukan ng paghatol ngayong hapon, ang asal ninyo kay Cristo.

234 At pagkatapos naisip ko, "Oo, iya'y tama." At nakita ko isang araw ako ay gumapang palapit sa Kaniya. Nakita ko ang aking lumang aklat na nakalagay doon, isang makasalanan, doon nakalagay ang lahat ng bagay doon. Nakita ko na ang mga kasalanan ko ang gumagawa niyon, at sabi ko, "Panginoon, patatawarin Mo ba ako?"

235 Idinampi ang Kaniyang kamay sa Kaniyang tagiliran, kumuha ng kaunting Dugo, isinulat pahalang sa ibabaw, at sabi, "Napatawad." Itinapon pabalik sa dagat ng pagkalimot, upang hindi na ito maalala pa. Iyon ay nawala na magpakailan man! Sabi Niya, "Pinatawad Kita, ngunit hinuhusgahan mo siya."

Binago niyan ang kaisipan ko. Sabi ko, "Panginoon, mahabag Ka."

236 Pagkatapos kong lumabas dito, lumapit ako at naupo. Sabi ko, “Kumusta ka na, ma’am?”

Sabi niya, “Oh, hello.”

237 At sabi ko, “Kung pagpapaumanhinan mo ako,” sabi ko, “ako si Kagalang-galang na Branham, isang ministro.”

Sabi niya, “Oh, pagpasensiyahan mo ako. Pagpasensiyahan mo ako, Kagalang-galang na Branham.”

238 Sabi ko, “Babae.” Sinabi ko sa kaniya ang kuwento. Sabi ko, “Ako ay nakatayo roon, at hinuhusgahan kita, at iniisip, ‘Anong kakila-kilabot na bagay!’ Siguro mayroon kang mga anak.”

Sabi niya, “Mayroon ako.”

239 Sabi ko, “Anong dahilan ng pagtungo sa kasamaan?” Nagpasimula siyang maglahad ng isang kuwento sa akin na makakaantig sa puso ng anoman. Sabi ko, “Ako—tinatanong ko sa Diyos bakit hindi na lamang Niya wasakin ang gayon mula sa lupa. Dito, narito ka kasama ang dalawang lasing na lalaking ito, at ika’y lasing, mismo.” At sabi ko, “Balang araw. . . Ang Dugong iyon ay pumipigil sa galit ng Diyos palayo mula sa iyo. Ika’y mamamatay isa sa mga araw na ito. At, pagkatapos, ika’y—ika’y isang may sariling kalayaan sa pagpili ngayon, maaari kang tumanggi o tumanggap.” Sabi ko, “Ngunit balang araw ang kaluluwa mo ay lalampas doon, kung saan wala ng awang natitira. At kung ikaw ay mamatay sa iyong mga kasalanan, ika’y nahatulan na, at ika’y tutungo sa impiyerno.”

240 Alam n’yo kung ano? Ang babae ay dumausdos sa upuang iyon doon sa restawran na iyon. Nagkaroon kami ng pagtitipong pananalangin na tulad ng hindi pa ninyo narinig sa buhay ninyo, at siya ay lumapit kay Cristo. Ano nga iyan? Huwag silang husgahan; sabihin sa kanila ang Ebanghelyo. Sila’y kinubkob ng demonyo, sila’y mga mortal sa kalalagayang ito. Sila’y naimpluwensiyahan mula rito. Ang impluwensiya natin ay nagmumula sa itaas. Tingnan natin kung ano ang magagawa natin sa mga talento natin, upang magwagi ng mga iba kay Cristo.

241 Ama naming Makalangit, pinasasalamatan Ka namin sa Iyong kabutihan at habag. Ikinalulungkot ko, Panginoon; marahil, ang mga tao, pinanatili ko sila rito ng napakatagal. Ngunit bilang pagtatapos sa mga gawaing panghapon tulad nito, gusto kong sabihin sa kanila, “ang mga demonyo,” at nahiwa ko ito ng husto sa isang dako, sa isang sermon, ngunit siguro ay mapupulot nila ito, dito at doon, at mauunawaan kung ano ang ibig kong sabihin. Alam Mo ang mga layunin ng puso ko, sa paglalahad nito.

242 Nawa ang mga tao ay lumisan mula rito ngayong hapon, at ang mga kalalakihan at kababaihan ay masdan ang bawat kilos na gagawin nila, ngunit mamuhay ng masaya at malaya. Nawa

malaman nila na iniligtas sila ng Diyos. At nawa tumingin sila sa Kaniya, kalimutan ang lahat ng tungkol sa mga *ism* at mga bagay na nasa paligid nila, at mamuhay ng payapa at handa, at nasa takot ng Diyos. At pagkatapos, Diyos, kapag gusto Mo silang gamitin sa ano mang bagay, ay maaari Kang mangusap sa kanila ng direkta at isugo sila saan Mo man ibig na pumaroon sila o ano man ang gusto Mong gawin nila. Nawa ang mga tao ay maging mapagpakumbaba at masumpangan si Cristo sa puso nila. Patawarin Mo kami, Panginoon, sa mga pagkukulang namin, bawat isa sa amin.

243 At alam namin na—na si Satanas ay lumilibot na tulad ng isang leong umuungal, sa lahat ng dako, sinisila ang ano mang ibigin niya, nakasuot ng mga balabal na relihiyoso. O Diyos, ang mga kaawa-awang mumunting anak na ito, tingnan sila, sa lahat ng dako. Sila'y bukas at lantad sa mga tao. At idinadalangin ko sa Iyo, Diyos, na maging mahabagin sa kanila, at iligtas lahat ng mga ligaw, pagalingin ang may sakit. At, Diyos, napagtanto namin na ang mga matatandang diablong ito ng karamdaman ay dumarating sa Iyong mga anak, na Ikaw ay mayroong isang pantubos nakalagay doon, upang pangalagaan iyan. At lahat ng mga diablo na magdudulot sa kanila upang magkasala, mayroon Kang isang pantubos na nakalagay doon, na mangangalaga nito. At dalangin ko na ipagkaloob Mo ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Iniisip ko kung mayroong . . .

53-0609A Demonolohiya, Relihiyosong Kalalagayan
Roberts Park Amphitheater
Connersville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org